# ANG BISA NG PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA ASIGNATURANG SARILING PILI (PANANAHI)

Tesis na

Iniharap sa

Kaguruan ng Paaralang Gradwado

Samar State Polytechnic College

Catbalogan, Samar

Bilang Bahagi

ng mga Gawaing Itinakda para sa Degri

Dalubhasa sa Sining ng Edukasyon

SUZETTE L. CORDUWA

Hunyo, 1988

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Itong tesis na pinamagatang, "ANG BISA NG PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA ASIGNATURANG SARILING PILI (PANANAHI)," ginawa at ibinigay ni SUZETTE L. CORDUWA, pagkatapos na makapasa sa komprehensibong pagsusulit ay inatasang humarap sa isang Pasalitang Pagsusulit.

Hunyo 25, 1988
Petsa

ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.
Tagapayo

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Pinagtibay ng Lupon sa isang Pasalitang Pagsusulit noong Hunyo 25, 1988 na may gradong PASADO.

DOMINADOR Q. CABANGANAN, Ed. D.
Tagapangulo

SOLEDAD G. AGNER, Ph. D.
Kagawad

HIPOLITO V. RENALES, Ed. D.
Kagawad

ALEJANDRO E. CANANUA, M. Ed.
Kagawad

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pagtupad ng mga kailangan para sa pagtamo ng degring DALUBHASA SA SINING NG EDUKASYON, medyor sa FILIPINO.

DOMINADOR Q. CABANGANAN, Ed. D.
Dekano, Gradwadong Pag-aaral

6/9/89

Petsa ng Pasalitang Pagsusulit:

Hunyo 25, 1988

PAGKILALA

Malugod na ipinaaabot ng mananaliksik ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mga taong tumulong sa sa ikapagtatagumpay ng pag-aaral na ito:

Pangulo Basilio S. Frincillo, Samar State Polytechnic College, sa pagbigay ng pahintulot na makapag-aral siya sa ilalim ng Faculty Development Plan ng nasabing kolehiyo.

Dr. Bernardo S. Oliva, Dekano ng Kolehiyo, Samar State Polytechnic College, ang nagbigay ng rekomendasyon para makapag-aral siya sa ilalim ng Faculty Development Plan ng Samar State Polytechnic College.

Yumaong Assistant Professor Fe T. Macairan, ang nag-udyok sa mananaliksik na mag-aral siya sa Pagkadalubhasa sa Filipino, sa Samar State Polytechnic College.

Dr. Ulrico B. Mustacisa, ang kanyang tagapayo, sa kanyang pamamatnubay, mungkahi, at pagsusuri ng gawaing ito.

Gng. Marilyn D. Cardoso, ang kanyang kasangguni sa istatistika.

Dr. Dominador Q. Cabanganan, Dekano ng Gradwadong Paaralan at Tagapangulo ng Lupon ng Pagsusulit, sa

kanyang paghamon, pangganyak at inspirasyon na tapusin ang pananaliksik na ito.

Dr. Soledad G. Agner, ang nagbigay ng mahalagang paliwanag sa mga likas na kahirapan sa mga paraan sa pagpapalakad ng pananaliksik na ito.

Dr. Hipolito V. Renales, ang nagbigay ng inspirasyon at dagdag na tibay para tapusin ang aklat na ito.

Associate Professor Alejandro E. Cananua, ang nagbigay ng mga recomendasyon sa mga dagdag na nilalaman ng tesis o ang kaganapang papel na ito ay napadalubhasa.

Associate Professor Simon P. Babalcon, Puno, Kagawaran ng Bokasyonal at Teknikal, Samar State Polytechnic College, ang nagbigay ng rekomendasyon upang gamitin sa pananaliksik ang mga klase sa pananahi ng sekondarya.

Gng. Leah F. Longasa at Bb. Elisa P. Vista, sa kanilang paglaan ng gintong panahon sa pagtuturo sa mga klaseng ginamit sa pananaliksik.

Gng. Rizalina F. Vista, ang kanyang walang sawang pagmamasid sa mga klase nina Gng. Leah F. Longasa at Bb. Elisa P. Vista.

Assistant Professor Felicitas R. Labendia, sa mahahalagang mungkahi sa ikapagtatagumpay ng pag-aaral na ito.

G. Tex .E. Cananua at Gng. Gingin D. Quebec, ang kanilang walang sawang pagtulong sa paghahanda ng manuscript.

Higit sa lahat, sa Puong Maykapal na nagbigay ng maluwalhating patnubay at sa kanyang kabiyak na minamahal Jerry. Sa kanila ring tatlong anak na nagbigay sa kanya ng determinasyon, inspirasyon, dagdag na lakas para sa kanilang pagpupunyagi sa buhay.

S. L. C.

# HANDOG

Para sa aking mga mahal sa buhay,

kay Jerry ang aking kabiyak,

mga anak,

Jeff, R-R at Jaypee

kina Mommy at Daddy

Boy - Linda, Walter - Izza

Inday

Nene - Moi

Belen

D' Kittens International

at sa aking mga pamangkin,

nang dahil sa kanila

nais kong abutin

ang aking tagumpay.

Suzette

**ABSTRACT**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tiyakin ang bisa ng paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, taong panuruan 1987-1988. Ang ginamit na disenyo sa pag-aaral na ito ay ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol na may unang pagsubok at huling pagsubok. Ang mga kasangkot sa pag-aaral ay may kabuuang bilang na 72 mag-aaral at 2 guro. Sa bilang ng mga mag-aaral na kalahok ay nababahagi sa 28, ikalawang taon; 28, ikatlong taon at 16 sa ikaapat na taon. Ang 2-way ANOVA ang ginamit upang matiyak ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng tatlong antas ng taon sa sekondarya ng SSPC. Ang nakuhang konklusyon sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod: (1) magkapareho ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol mula ikalawa hanggang ikaapat na taon sa sekondarya ng SSPC, (2) walang mahalagang kaibahan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuturan ng gurong gumamit ng wikang Filipino bilang midyum, (3) walang mahalagang kaibahan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral, (4) walang masasabing higit na mabisang wikang panturo sa asignaturang Sariling Pili, kursong pananahi. Basi sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, narito ang mga rekomendasyon ng tagapagsaliksik: (a) walang

masasabi na higit na mabisa batay sa kinalabasan ng pagsusuri, (b) upang lalong matiyak ang epekto o bisa sa paggamit ng wikang Filipino, kinakailangang magkaroon ng kasanayan at kakayahang pangwika, (c) hikayatin na mahalin ang ating pambansang Wikang Filipino, at (d) higit na masusing pananaliksik ang gawin pa sa ganitong uri ng pag-aaral upang matiyak ang bisa ng pagsisiyasat.

TALAAN NG NILALAMAN

DAHONG PAMAGAT . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

DAHON NG PAGPAPATIBAY . . . . . . . . . . . . . . . . ii

PAGKILALA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

HANDOG . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

ABSTRAK . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vii

TALAAN NG NILALAMAN . . . . . . . . . . . . . . . xii

KABANATA Pahina

I. ANG SULIRANIN . . . . . . . . . . . . . . 1

Pasimula . . . . . . . . . . . . . . 1

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . 7

Hipotesis . . . . . . . . . . . . . . . 8

Batayang Konseptwal . . . . . . . . . . 9

Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . 10

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral . . 13

Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . 14

II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT

PAG-AARAL . . . . . . . . . . . . . . 19

MGA KAUGNAY NA LITERATURA . . . . . . . . 19

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL . . . . . . . 25

TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)


| KABANATA | | Pahina |
|---|---|---|
| III. | METODOLOHIYA . . . . . . . . . . . . . . . . | 45 |
| | Disenyo ng Pag-aaral . . . . . . . . . . | 45 |
| | Ang Mga Kalahok . . . . . . . . . . . . | 46 |
| | Ang Instrumentasyong Ginamit . . . . . . | 47 |
| | Paraan ng Pagpili ng mga Kalahok, Randomisasyon (R) at Pagkokontrol ng Ibang Baryabol . . . . . . . | 48 |
| | Unang Pagsubok . . . . . . . . . . . . . | 50 |
| | Paglalapat ng Independent na Baryabol (X) . . . . . . . . . . . | 52 |
| | Paraan ng Pagtuturo sa Mga Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . . . . | 52 |
| | Huling Pagsubok . . . . . . . . . . . . . | 53 |
| | Pagsusuring Istatistikal . . . . . . . . | 53 |
| IV. | PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS . . . . . . . . | 56 |
| | Ang mga Tamtamang Iskor ng mga Mag-aaral sa mga Pangkat Eksperimental at mga Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . . . . | 56 |
| | Kaibhan ng Antas sa Kabatiran sa Pananahi ng mga Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . . . . . . | 59 |
| | Ang Bisa ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Sariling Pili (Pananahi) . . . . . . . | 61 |

TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)

KABANATA Pahina

Kaibhan ng Antas ng Kabatiran sa Pananahi ng mga Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . . . . . . . . 64

V. PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT

REKOMENDASYON . . . . . . . . . . . . . . 68

Lagom . . . . . . . . . . . . . . . . . 68

Kinalabasan . . . . . . . . . . . . . . 70

Konklusyon . . . . . . . . . . . . . . 74

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . 75

TALASANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . . 79

MGA KARAGDAGANG DAHON. . . . . . . . . . . . . . . 85

A. Sulat Kahilingan na Pagtibayin ang Suliranin . . . . . . . . . . . . . . . 86

B. Sulat Kahilingan sa Pangangasiwa ng Eksperimental na Pag-aaral. . . . . . . . 87

C. Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974 . . . . . . . . . . . . . . . . . 88

D. Kautusang Pangkagawaran Blg. 22, s. 1987 . . 92

E. DECS Order No. 54, s. 1987 . . . . . . . . . 93

F. Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s, 1987 . . . . . . . . . . . . . . . . . 97

G. Pagtutuos sa Pinaghambing na mga Iskors sa Unang Pagsubok ng mga Pangkat Eksperimental at mga Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . . . . . . 102

TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)

KARAGDAGANG DAHON Pahina


H. Pagtutuos sa Pinaghambing ng mga Iskors sa Huling Pagsubok ng mga Pangkat Eksperimental at mga Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . . . . . . . 104

I. Talahanayan ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Sariling Pili (Pananahi) II . . . . . . . . 106

J. Unang Pagsubok/Huling Pagsubok, Ikalawang Taon, Pangkat Eksperimental . . . . . . . . 107

K. Unang Pagsubok/Huling Pagsubok, Ikalawang Taon, Pangkat Kontrol . . . . . . . 114

L. Paksang-Aralin, Ikalawang Taon, Pangkat Eksperimental . . . . . . . . . . . . 120

M. Paksang-Aralin, Ikalawang Taon, Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . . . . . . 140

N. Talahanayan ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Sariling Pili (Pananahi) III . . . . . . . 160

Ñ. Unang Pagsubok/Huling Pagsubok, Ikatlong Taon, Pangkat Eksperimental. . . . . . . 161

NG. Unang Pagsubok/Huling Pagsubok, Ikatlong Taon, Pangkat Kontrol . . . . . . . 167

O. Paksang-Aralin, Ikatlong Taon, Pangkat Eksperimental . . . . . . . . . . . . 173

P. Paksang-Aralin, Ikatlong Taon, Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . . . . . . 195

Q. Talahanayan ng Nilalaman ng Pagsusulit sa Sariling Pili (Pananahi) IV. . . . . . . . 216

R. Unang Pagsubok/Huling Pagsubok, Ikaapat na Taon, Pangkat Eksperimental. . . . . . . . 217

# TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)

KARAGDAGANG DAHON — Pahina

S. Unang Pagsubok/Huling Pagsubok, Ikaapat na Taon, Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . 222

T. Paksang-Aralin, Ikaapat na Taon, Pangkat Eksperimental . . . . . . . . . . 227

U. Paksang-Aralin, Ikaapat na Taon, Pangkat Kontrol . . . . . . . . . . 244

KURIKULUM BITA . . . . . . . . . . . . . . . 261

TALAAN NG PIGYUR AT MGA TALAHANAYAN . . . . . . . .

# KABANATA I

# ANG SULIRANIN

## Pasimula

Ang daigdig ng akademya na dating eksklusibo sa wikang Ingles ay nabuksan ng wikang Filipino sa kapangyarihan ng patakarang edukasyong bilinggwal. Bunga nito natugunan ang pangangailangan ng mga kinauukulan at napagpunan ang kadahupan ng wikang ito sa pamamagitan ng masidhing pagtuturo sa iba't ibang lawak o asignatura ng halos lahat ng antas ng pag-aaral.

Bagaman nagkaroon na ng panimulang patakarang edukasyong bilinggwal sa ating bansa, ayon sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974 mayroon pa rin mga suliranin sa aktuwal na implementasyon sa programang ito. Gaya ng isinasaad:

> . . . Ang edukasyong bilingwal ay binibigyan ng katuturang magkahiwalay na paggamit ng Filipino at Ingles bilang mga panturo sa mga tiyak na asignatura sa pasubaling gagamitin ang Arabic sa mga lugar na ito kung kinakailangan. . . .[1]

---

[1] Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974, "Mga Panuntunan sa Pagpapatupad ng Patakarang Edukasyong Bilinggwal", Kagawaran ng Edukasyon at Kultura, Manila, Hunyo 19, 1974, p. 1.

Noong Mayo 27, 1987, ipinalabas ni Kalihim Lourdes R. Quisumbing[2] ang Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987 sa pagpapatupad uli ng edukasyong bilinggwal sa lahat na antas, simula sa taong panuruan 1987-1988. Sa nabanggit na kautusan, sapilitang ipinagagamit ang Filipino at Ingles na magkahiwalay na wikang panturo sa lahat ng mga naturang asignatura.

Ang programang ito ay matagal nang dapat isinakatuparan ngunit hanggang sa ngayon marami pa ring mga paaralan at pamantasan lalung-lalo na dito sa Rehiyon VIII ang hindi pa nito lubusang gumagamit. Ang Samar State Polytechnic College ay isa sa mga paaralang ito. Ang asignaturang Sariling Pili (Pananahi) na siyang naging pokus ng kasalukuyang pag-aaral ay hindi pa rin lubusang nakapagsasakatuparan sa nabanggit na programa. Ito ang naging dahilan kung bakit naisipan ng mananaliksik na isagawa itong pag-aaral upang makatulong sa mga kinauukulan para sa aktuwal na implementasyon ng nasabing programa.

---

[2]Lourdes R. Quisumbing. Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987, "Mga Panuntunan sa Pagpapatupad ng Patakarang Edukasyong Bilinggwal," Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, Maynila, Mayo 27, 1987, p. 1.

Hanggang ngayon, kahit na sumapit na tayo sa takdang sapilitang pagsasakatuparan ng patakarang bilinggwal, nagiging suliranin pa rin ang paggamit ng mga wikang Ingles at Filipino bilang wikang panturo. Bagama't sumusunod na tayo sa kautusang ito, marami pa rin sa atin ang sumasalungat dito. Karamihan ay gustong panatilihin ang Ingles na wikang panturo dahil mga edukado raw at mas kilala ang mga taong nagsasalita nito. Dahil dito marami pang mamamayang Pilipino ang walang kasanayan at kakayahang gumamit ng ating sariling wika at tuloy nagiging hadlang sa pag-unlad ng ating agham at teknolohiya. Gayon pa man, marami rin ang nagkaka-gusto sa ating pambansang wika na siyang gamitin na wikang panturo.

Batid nating lahat na ang wika ay umuunlad na kasabay ang ekonomiya at kultura ng isang bansa. Sama-katuwid kailangang magkakasabay ang tatlong ito sa pag-unlad upang di magkaroon ng mga suliraning pang-wikang magiging sagabal sa mabuting pakikipagtalastasan tungo sa ganap na pagkakaunawaan. Nararapat na uma-gapay ang wika sa bilis ng takbo ng panahon upang hindi ito maiwan at manatiling naaangkop sa mga panganga

ilangan ng pagpapahayag.[3]

Kailangang magkaroon ang wika ng sapat na kakayahang magamit ng mga mamamayan sa iba't ibang disiplina. Dapat na matugunan nito ang pangangailangan ng sambayanan sa maraming pagkakataon ukol sa mabisang pakikipagtalastasan. Kailangang bukas ang pintuan nito sa pagtanggap ng mga pagbabagong siyang kinalabasan ng mga pananaliksik ng mga dalubwika at palaaral. Subalit paanong mananatiling bukas ang pintuang ito kung tayo mismong umuugit ng sistema ng edukasyon ang siyang nagpipilit na isara ito dahil sa makalumang saloobin at paniniwala.[4]

Sa kasalukuyan, ang edukasyong bilinggwal ay lalong binibigyan ng lubos na pagpapahalaga kahit na ito ay naisakatuparan na nang mahigit sa isang dekadang implementasyon. Maliwanag ding sinabi sa kautusang ito na ihiwalay sa lahat ng baitang at taon sa iba't ibang antas ng edukasyon ang pagtuturo ng mga wikang nabanggit upang matamo ang tanguhin ng nasabing programa.

---

[3]Nenita P. Papa, "Pinayamang ABAKADA ng Wikang Pambansa: Isang Reaksyon," Symposium sa Repormang Ortograpiko, (Diliman, Q.C., 1983), p. 11.

[4]Ibid.

Ang mga asignaturang dapat ituro sa Filipino ay ang mga sumusunod: Araling Panlipunan/Agham Panlipunan, Edukasyong sa Wastong Pag-uugali, Edukasyon Panggawain, Edukasyon Pangkalusugan at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan. Ingles ang gagamitin sa pagtuturo ng Agham at Matematika.. Bukod sa pagiging wikang panturo, ang Filipino at Ingles ay ituturo pa rin bilang mga asignaturang pangwika. Itinakda ring gamitin na pantulong sa mga wikang panturo ang bernakular ng pook o lugar na kinaroroonan ng paaralan.

Ang programang ito ay sumasaklaw ng dalawang bahagi: ang Unang Bahagi ay mula sa taong panuruan 1974-1975 hanggang 1977-1978 bilang panahon ng paglilipat gamit. Ang Ikalawang Bahagi ay sa taong panuruan 1978-1979 hanggang sa 1981-1982 bilang panahon ng sapilitant paggamit. Ang kautusan ay nagbibigay laya sa mga paaralan, sangay at rehiyon na maghanda ng pangmahabang panahong pagpaplano sa pagsasakatuparan ng programa.

Kasama sa iskedyul na ito ang sapilitang paggamit ng Filipino sa lahat ng iba pang paaralan ayon sa sumusunod: Primarya, taong panuruan 1978-1979, Intermedya, taong panuruan 1979-1980, Una at Ikalawang

taon sa sekondarya, taong panuruan 1980-1981, Ikatlo at Ikaapat na taon sa sekondarya, taong panuruan 1981-1982.

Ang gamit ng Ingles sa lahat ng iba pang asignatura/kurso sa mga antas sa elementarya at sekondarya ay magiging sapilitan din.

Ang mga dalubhasaan at mga pamantasan ay binigyan din ng layang bumalangkas ng kani-kanilang talatakdaan ng implementasyon, sa pasubali na pagsapit ng Taong Panuruan 1984, ang lahat ng nagtapos ng kurikulum tersyaryo ay dapat pumasa sa pagsusulit sa Ingles at/o Filipino para sa paggamit ng kanilang propesyon.

Tungkol sa paghahanda ng mga materyales, ang kautusan ay nagsasaad na bubuo ng mga bagong batayang aklat at iba pang mga kagamitang panturo sa mga kurso o asignaturang Ingles at Filipino, na sadyang nauukol sa paglinang ng sapat na kakayahan sa paggamit ng wikang ito. Ang mga bagong batayang aklat sa mga asignaturang dapat ituro sa Filipino ay kailangang sa wikang Filipino lamang nakasulat. Ang paggawa ng mga materyales na ito ay isasagawa sa lahat ng mga paaralan o mga sangay pampaaralan; sa halip na balikatin ng

kagawaran o ng tatlong kawanihan: ang Paaralang Bayan, Paaralang Pribado at Edukasyong Bokasyonal.

Upang mabigyang kasanayan at kahandaan ang mga kinauukulan, iniatas na magtakda ng pagsasagawa ng mga salingkurang pagsasanay sa kapantayang pambansa, rehiyunal, at lokal sa pamamahala ng mga karapat-dapat na tauhan ng kagawaran ng Edukasyon at Kultura, at ng mga sangay at kasangkapan nito sa pakikipagtulungan ng mga panggurong dalubhasaan at pamantasan. Katulad ng paggawa at paghahanda ng mga kagamitan sa pagtuturo, ang pananagutan ng planong pangmatagalang pagsasanay ay itinitiwala rin ng kagawaran sa lahat ng paaralan o mga sangay pampaaralan.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tiyakin ang bisa ng paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar noong taong panuruan 1987-1988.

Ang sumusunod na mga katanungan ay nagsilbing gabay sa pag-aaral na ito:

1. Ano ang tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol?

2. Mayroon bang kaibhan ang mga tamtamang iskor ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol?

3. Ano ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol?

Hipotesis

Ang mga sumusunod na hipotesis ang sinubok sa pag-aaral na ito:

1. Walang mahalagang kaibhan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo.

2. Walang mahalagang kaibhan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Filipino at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo.

Batayang Konseptwal

Kamakailan lang si Quisumbing[5] ay nagpalabas ng isang kautusan tungkol sa mga patnubay sa pagsasakatuparan ng 1987 Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal. Ito ay nagtatakda ng magiging tungkulin ng mga guro sa paglinang ng isang bilinggwal na bansa na matatas sa wikang Filipino at sa wikang Ingles.

Ang mga babaing mag-aaral sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya mula sa ikalawa hanggang sa ikaapat na taon ang mga naging kalahok sa ginawang pag-aaral. Ang mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental ay tinuturuan ng gurong gumamit ng Filipino bilang wikang panturo. Ang mga mag-aaral sa mga pangkat kontrol ay tinuturuan ng gurong gumamit ng Ingles bilang wikang panturo. Ang dalawang pangkat ay kapwa binigyan ng pretest o unang pagsubok bago inumpisahan ang pananaliksik, at ng posttest o huling pagsubok pagkatapos ng pag-aaral.

Ang independent na baryabol na walang iba kundi ang Filipino na wikang panturo ay inaasahang magkaroon ng positibong bisa sa kakayahan ng mga mag-

---

[5]Quisumbing, op. cit., p. 1.

aaral sapagkat ito ay ating katutubong wika.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay makatutulong sa mga kinauukulan sa pagtanggap ng ano mang pagbabago sa sistema ng ating edukasyon. Ito rin ay magsisilbing gabay sa pagkakaroon ng edukasyong may kalidad na bubuo ng magagaling na mag-aaral, na makatutulong sa kaunlaran ng bansa.

Ang balangkas ng pag-aaral ay makikita sa pigyur 1.

<u>Kahalagahan ng Pag-aaral</u>

Ang kakayahan at kasanayan sa paggamit ng ating sariling wika ay lubhang mahalaga sa buhay ng isang tao. Sa pamamagitan nito tayo ay nagkakaunawaan at nagkakaisa. Isa pa itong salik na makatutulong sa mabilis na pagsulong ng ating ekonomiya at teknolohiya.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang tiyakin ang bisa ng paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng SSPC. Ang kinalabasan at konklusyon sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga sumusunod:

<u>Sa mga Tagapamahala ng Paaralan</u>. Pagkatapos




Pigyur 1. Iskema na Paglalahad sa Bisa ng Filipino Bilang Wikang Panturo.

nilang mabasa ang tesis ng mananaliksik, magkakaroon sila ng batayan ukol sa bisa ng paggamit ng wikang Filipino sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng SSFC. Sa dahilang walang lumabas na higit na mabisang wikang panturo sa pag-aaral na ito, maaari nilang sapilitang ipagamit sa mga guro ng Sariling Pili ang wikang Filipino bilang pag-alinsunod sa kautusan ng kagawaran.

Sa mga Tagagawa ng Kurikulum. Ang naging resulta sa pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbabalangkas ng nilalamang ituturo sa Filipino. Bukod pa rito, ang mga materyal na bubuuhin ay dapat tumugma sa pangangailangan ng mga kinauukulan.

Sa mga Guro. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing daan tungo sa pagsasakatuparan ng anumang programa ng kagawaran. Bunga nito magkakaroon sila ng kasanayan tungo sa kahusayan ng wikang ginagamit.

Sa mga Mag-aaral. Madadagdagan ang kanilang kaalaman sa larangan ng pananahi at pati na rin ang kanilang mga bokabularyo na mahalagang-mahalaga sa larangan ng teknikal at bokasyunal at makapag-aambag sa mabilis na pagsulong ng agham at teknolohiya.

Sa mga Magulang at Pamayanan. Sa pamamagitan ng wika magkakaroon ng malapit na pagkakaugnay ang mga magulang at pamayanan nang sa ganoon mapapalapit din ang paaralan sa pamayanan.

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar noon taong panuruan 1987-1988.

Ang mga babaing mag-aaral lamang sa kursong Pananahi mula sa ikalawa hanggang sa ikaapat na taon ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito. Sa ikalawang taon 28 mag-aaral ang mga kalahok sa loob ng 86 na populasyon. Sa ikatlong taon 28 rin ang mga kalahok sa loob ng 76 na populasyon. Sa ikaapat na taon naman 16 lamang ang mga naging kalahok sa loob ng 77 populasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isang eksperimento saang kinontrol ang kasarian at kakayahang mental ng mga kalahok. Upang lalong matiyak ang bisa ng paggamit ng wikang Filipino sa kursong Pananahi, tatlong antas ng taon ; ikalawa, ikatlo at ikaapat na taon ang isinali sa pananaliksik.

Katuturan ng mga Talakay

Ang mga sumusunod na mga salita ay binigyan ng katuturan upang lalong maunawaan ang pag-aaral na ito:

Baryabol. Ito ay isang bagay, salik, pangyayari o kaparaanang may dalawa o higit pa sa dalawang katangiang nagsisilbing batayan sa pag-uuri-uri o pagpapangkat-pangkat ng mga kalahok o bagay na kasangkot sa pag-aaral.[6]

Bilinggwalismo. Ayon sa pananaliksik na ito ay ang kakayahang paggamit ng dalawang wikang panturo. Ang mga wikang tinutukoy sa pag-aaral na ito ay ang Ingles at Filipino.

Bisa. Ito ay tumutukoy sa epekto o resulta ng dalawa o higit pa sa dalawang bagay, salik, katangian o kondisyon sa dependent na baryabol. Sa pag-aaral na ito ang dependent na baryabol ay ang mga kabatiran sa pananahi ng mga kalahok na mag-aaral.

Filipino. Ito ang kasalukuyang tawag sa

---

[6] Rosario M. Bartolome, "Ang Bisa ng Phono-Visual-Oral-Sound Blending-Meaning na Pagdulog sa Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa Unang Baitang ng mga Mag-aaral Waray" di-nalathalang disertasyon, Divine Word University, Tacloban City, 1983).

Wikang Pambansa ng Pilipinas.[7] Isa rin ito sa dalawang wikang opisyal sa Pilipinas ayon sa patakarang edukasyong bilinggwal na gagamitin bilang isa sa dalawang wikang panturo.

Guro. Ito'y tumutukoy lamang sa mga guro ng Sariling Pili, sa kursong Pananahi sa antas sekonderya ng SSPC. Sila ay mga guro sa bokasyunal ng nasabing kolehiyo at kapwa may kakayahang at kasanayang pangwika.

Huling pagsubok. Ito ang instrumento ng pag-aaral na ibinigay ng mananaliksik sa mga kalahok ng mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol pagkatapos ng pag-aaral upang matiyak ang bisa ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa mga kalahok ng pag-aaral.

Implementasyon. Ang pagsasakatuparan ng kautusang edukasyong bilinggwal upang matamo ang layuning makabuo ng isang bilinggwal na bansa na matatas sa wikang Filipino at sa wikang Ingles.

---

[7] Kautusang Pangkagawaran Blg. 22, s. 1987, "Paggamit ng Katagang Filipino sa Pagtukoy sa Wikang Pambansa ng Pilipinas," Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, Manila, Marso 12, 1987.

Ingles. Isa sa dalawang opisyal na wika ng Pilipinas ayon sa patakarang edukasyong bilinggwal na gagamitin bilang isa sa dalawang wikang panturo.

Kalahok. Ang mga mag-aaral na tuwirang pinagkunan ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito. Ang mga tinutukoy na mag-aaral ay yaong kumuha lamang ng kursong Pananahi mula sa ikalawa hanggang sa ikaapat na taon sa antas sekondarya ng SSPC noong taong panuruan 1987-1988.

Paggamit. Ito ay ang paglalapat o pagpapairal ng independent na baryabol na walang iba kundi ang wikang Filipino sa mga kalahok ng mga pangkat eksperimental.

Pananahi. Isa sa mga tiyak na elektib sa asignaturang Sariling Pili. Ito'y kinukuha ng mga mag-aaral mula sa ikalawang taon hanggang sa ikaapat na taon ng sekondarya.

Pangkat eksperimental. Ito ang mga kalahok na mag-aaral na tinuturuan ng gurong gumagamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Pangkat kontrol. Ito ang mga kalahok na mag-aaral na tinuturuan ng gurong gumagamit ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo.

Sapilitan. Ito'y tumutukoy sa taong panuruan 1987-1988 na pinipilit ang lahat na sumunod sa kautusang bilinggwal pagkatapos ng paglilipat-gamit ng wikang Filipino mula sa mga asignaturang Ingles na binanggit sa Kautusang Blg. 54, s. 1987.

Sinadyang sampling. Ang lahat ng mga kumukuha/ ng kursong Pananahi, antas sekondarya noong taong panuruan 1987-1988 ang piniling maging kalahok sa pananaliksik na ito. Iba-iba ang mga espesyalisasyon na kurso ng mga mag-aaral dito sa SSPC kung kaya hindi maaari ang random na pagpili ng mga naging kalahok. Subalit random na pinili ang mga mag-aaral na bumuo sa mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol.

Tagapamahala. Ito ay tumutukoy sa mga opisyal ng paaralan. Ang tagapamahala rito ay nasa antas sekondarya.

Unang pagsubok. Ito ang instrumento ng pag-aaral na ibinigay ng mananaliksik sa mga mag-aaral ng mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol, sa kursong Pananahi, mula sa ikalawa hanggang sa ikaapat na taon ng antas sekondarya ng SSPC, sa taong panuruan 1987-1988, bago inumpisahan ang pag-aaral, upang masubok ang kabatiran sa pananahi ng mga kalahok.

Wikang panturo. Ito ay tumutukoy sa wikang Filipino na ginagamit ng guro bilang midyum ng pagtuturo sa mga pangkat eksperimental at ang wikang Ingles na ginagamit ng guro bilang midyum ng pagtuturo sa mga pangkat kontrol ng pag-aaral na ito.

KABANATA II

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay tumatalakay ng bilinggwalismo sa sistema ng edukasyon at ang mga kaugnay na pag-aaral na isinagawa na sa larangan ng pananaliksik. Tinatalakay din dito ang isang eksperimental na pananaliksik ukol sa pagdulog PVOSBM saang nakakuha ang mananaliksik ng malawak na pananaw tungkol sa ginamit na disenyo ng kanyang pag-aaral.

Ang kabanatang ito ay ilalahad ng dalawang bahagi ayon sa sumusunod: (1) mga kaugnay na literatura at, (2) mga kaugnay na pag-aaral na siyang bumubuo sa pag-aaral na ito.

Mga Kaugnay na Literatura

Ang Pambansang Wikang Filipino ay naging asignatura[8] sa kurikulum ng primarya sa taong panuruan 1945-1946, bilang pag-alinsunod sa Commonwealth Act No. 570. Dito naumpisahan ang paggamit ng Filipino bilang

---

[8] Jose S. Reyes, "Emerging Elementary Curriculum," Department Memorandum No. 3, Manila, Department of Instruction and Information, 1945, p. 1.

asignaturang pangwika sa mga mababang paaralan.

Upang masubok ang katatagan sa paggamit ng katutubong wika, isang eksperimentong pag-aaral (1948-1954) hinggil sa wika ang isinagawa sa Sta. Barbara, Iloilo sa pamamahala ni G. Jose Aguilar.[9] Sa pag-aaral na ito, dalawang pangkat ang binuo: ang pangkat eksperimental na tinuruan ng Hiligaynon, at ang pangkat kontrol na tinuruan ng Ingles. Natuklasan sa pag-sisiyasat na higit na mabilis bumasa ang mga bata na tinuruan ng bernakular kaysa sa Ingles.

Sa loob ng anim na taon na pag-aaral, napag-alaman na sa ikatlong baitang, ang mga mag-aaral, ay handa nang tumanggap ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo.

Sa taong panuruan 1957-1958, ang lahat ng mga paaralan ay kinakailangang sumunod sa Binagong Programang Edukasyunal ng Pilipinas para sa elementarya at sekondarya. Ito ang naging patakaran ng Pambansang Lupon ng Edukasyon at sa pag-alinsunod sa Republikang Batas Blg. 1124 na gamitin ang katutubong wika

[9] Virgilio N. Ferrer, Teachers Board Examination Reviewer, (Quezon City: V.M. Ferrer Foundation, 1980) p. 20.

bilang midyum ng instruksiyon sa una at ikalawang baitang sa lahat ng mga mababang paaralang publiko at pribado.[10]

Mapapansin dito na ang wikang Filipino at ang katutubong wika ay pinahalagahan dahil naging kabilang na ito sa kurikulum, ngunit ang wikang Ingles ay patuloy na naging bahagi sa pag-aaral.

Ang Swanson Team[11] ay nagsagawa ng pagsisiyasat tungkol sa paggamit ng Ingles at Filipino bilang wikang panturo sa ikatlo-ikalimang baitang sa mababang paaralan. Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang paggamit ng isang katutubong wika, ang Filipino, bilang wikang panturo ay kailangang bigyang-diin sa lahat ng mga paaralan sa bansa. Madali sa tao ang matuto sa isang wika kung ito ay ginagamit sa mga pang-araw-araw na gawain. Ipinakita sa pag-aaral na kailangan pa rin natin matutuhan ang wikang Ingles sapagkat ito'y isang "lengua franca" ng daigdig at inaasahang ang mga

---

[10]Gregorio Hernandez, "The Revised Philippine Educational Program," Department Order No. 1, Manila, Department of Education, 1957, pp. 1-6.

[11]Bulletin No. 32, s. 1960, "An Experiment of the Relative Effectiveness of Filipino and English as Media of Instruction in Grades III, IV, and V."

Pilipino ay magkakaroon ng kasanayan at kakayahang sa paggamit ng dalawang wika.

Upang lalong mapagtibay ang mga tagubilin ng Swanson Surbey, ang pangalawang eksperimento sa wika ay isinagawa sa Iloilo noong 1961-1964.[12] Napag-alaman sa pananaliksik na maganda ang resulta kung pinagsasabay ang Ingles at Filipino sa pagtuturo.

Ang bilinggwalismo sa sistema ng edukasyon ngayon ay naglalahad ng sumusunod ayon sa Artikulo XV Seksiyon 3 ng 1973 Konstitusyon:[13]

(1) Itong Konstitusyon ay ipapahayag sa Ingles at Filipino, at isasalingwika sa bawat wikain. Kung sakaling hindi magkakaisa, ang Ingles na teksto ang paiiralin;

(2) Ang Pambansang Asemblea ay magkakaroon ng hakbang tungo sa paglinang at paggamit ng isang pambansang wikang tatawagin na Filipino; at

---

[12] Frederick L. Davis, "Philippine Language Teaching Experiments," PCLS Monograph Series No. 5 (Quezon City: Phoenix Press, Inc., 1967), pp. 186-232.

[13] Jorge M. Juco, "Bilinggwal Education Under the New Constitution in Pilipino Bilingual," (Emy Pascasio, Pat., Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1977).

(3) Hangga't hindi iibahin ng batas, Ingles at Filipino ang magiging opisyal na wika.

Ang implikasyon nito ay ang pagpapatibay ng bilinggwalismo sa larangan ng edukasyon. Hindi lamang ito ang nagpapatibay sa mahalagang kahulugan ng bilinggwalismo kundi gayon din ang palisi na inaprobahan ng Lupon ng Edukasyong Pambansang Resolusyon na nagtutukoy sa sumusunod (Resolusyon Blg. 73-7, 1973):

> . . . na ang Ingles at Filipino ay gagamiting magkahiwalay na wikang panturo, at ituturo rin bilang asignatura mula sa unang baitang sa mababang paaralan hanggang sa pamantasan sa lahat ng antas ng paaralang bayan at paaralang sarili; at. . . .

Ipinapasiya pa rin na hilingin sa kagawaran ng pagtuturo at sining na maghanda at magharap ng patakarang pamatnubay na pagtitibayin ng lupon na maglalaman ng: (a) mga asignaturang ituturo sa Ingles, sa Filipino o sa dalawang wikang ito; (b) takda ng pagsasakatuparan; (c) paglilingkurang pagsasanay para sa mga guro; at (d) paghahanda ng mga kagamitang panturo.

Sinabi rin ni Marcos[14] sa kanyang talumpati sa

---

[14]Ferdinand E. Marcos, "Talumpati sa Pambansang Kapulungan ng mga Superintendente at mga superbisor sa Pilipinas," (Marikina, Rizal, Mayo 7, 1983).

mga superbisor ng Pilipinas noong Mayo 11, 1973 na:

> . . . Ikinagagalak ko ang pasiya ng Lupon ng Edukasyong Pambansa na ipinalabas pitong araw mula ngayon. Ito ay nauukol sa bilinggwal na paggamit ng Filipino at Ingles bilang wikang panturo, bukod sa magkahiwalay na asignatura mula elementarya pataas. . . .

Samantala, iniulat ni Constantino[15] sa kanyang Artikulo, "The Teaching of Social Studies in Filipino in the Bilingual Language Program: Problems and Prospects," na ang isang malaking suliraning hinaharap sa pagpapatupad ng bilinggwalismo ay ang negatibong saloobin ng mga kinauukulan. Itong obserbasyon ay lalong pinatunayan ni Milagros Tolentino ng Angeles University (1978) sa kanyang ulat ukol sa kalagayan ng bilinggwal palisi sa mga kolehiyo ng Central Luzon. Sinabi niya na maraming mga guro, mag-aaral, at mga mamamayan ang may negatibong saloobin tungo sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mga asignatura sa kolehiyo.

Maliban sa mga nabanggit na batas, mga kautusan at mga ulat, ang pinakabagong 1986 Konstitusyon ng

---

[15] Letecia S. Constantino, "The Teaching of Social Studies in Filipino in the Bilingual Language Program: Problems and Prospects," Sangguni Vol. II, No. 2, (Oct., 1979). p. 82.

Seksiyon 8, Ang Konstitusyong ito ay dapat ipahayag sa Filipino at Ingles at dapat isalin sa mga pangunahing wikang panrehiyon, Arabic at Kastila.

Seksiyon 9. Dapat magtatag ang Kongreso ng isang komisyon ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang mga rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili.

Ang implikasyon nito ay ang pagpapaunlad o pagpapalaganap ng lingwistikang Filipino. Gayon din ang pagpapatupad ng bilinggwalismo na tutuklas ng kakayahan sa pagsasalita o pagtatalakay ng mga bagay sa wikang Filipino ay dapat mabigyan nang lubusang pagpapahalaga.

Mga Kaugnay na Pag-aaral

Ang pag-aaral nina Castillo at Chan[16] ay isang surbey sa saloobin ng mga guro tungkol sa Filipino bilang

[16] Emma Castillo and Chan, "A Study of the Roles of Aptitude, Attitude and Motivation in Second Language acquisition," (di-nalathalang tesis sa Master, PNC, Manila, 1969).

wikang panturo. Ang isinagawang pag-aaral sa ikalawang taon sa kolehiyo ng Ateneo de Manila University na galing sa iba't ibang lugal sa Pilipinas ay nagpahayag sa mga sumusunod: (1) Gusto ng mga mag-aaral na palitan ang Ingles bilang midyum sa pagtuturo ngunit gusto nila na gamitin din ang Ingles bilang midyum; (2) May pagkukulang sa saloobin ang mga tagasagot sa pagiging positibo sa Filipino; at (3) Ang mga tagasagot na binubuo rin ng mga may kaya ay nagsasabing mas gusto nila ang Filipino kaysa Ingles na midyum sa pagtuturo.

Siniyasat ni Dizon[17] ang wikang mas gusto ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang bilang tungkulin ng kanilang wikang panturo. Ang mga kasangkot ay kinuha mula sa orihinal na pangkat eksperimental na ngayon ay isang nangungunang grupo. Sila ay binigyan ng tatlong magkaka-ibang gawain. Ito ay ang sumusunod: Pagkilala sa mga titik, pagbasa ng mga salita, at pagkilala ng mga larawan. Ang mga ito ay iniharap sa mga bata

---

[17] P.B. Dizon, "The Effect of Language Instruction and Nature of Stimulus Materials on the Language Preferences of Bilingual Grade Two Pupils," (di-nalathalang tesis sa Master, PNC., Manila, 1970).

sa limang paraan nang pampasigla. Maraming kasiya-siyang mga bagay ang kinalabasan ng pag-aaral: (1) Ang mga batang tinuruan ng Filipino ay higit na nagkagusto sa Filipino kaysa Ingles sa pagkilala ng mga salita at larawan pero hindi sa pagkilala sa mga titik; (2) Ang mga batang tinuruan ng Ingles ay higit na nagkagusto sa Ingles kaysa Filipino sa lahat ng tatlong bahagi, pero higit na nagkagusto sa mga titik; (3) Ang mga batang ginamitan ng bilinggwal ay nagkagusto sa Ingles kaysa Filipino sa pagtawag sa mga titik at Filipino kung sa pagkilala ng mga larawan pero, kapwa nagkagusto na gumamit ng Filipino o Ingles na marka para sa mga salita; at (4) Ang tinuruan ng Ingles na mga bata ay higit na nagkagusto sa Ingles kaysa pagkakagusto sa Filipino ng mga batang tinuruan ng Filipino.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagpakita na ang wikang panturo at mga pampasiglang kagamitan ay may kaugnayan sa wikang pinagkakagustuhan ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Riblora[18] nabanggit niya ang

---

[18]Vicenta Riblora, "A Study of the Problems of Teaching Filipino in Grade IV in Sagay, Negros Occidental 1969-1970", (di-nalathalang tesis sa Master: University of the Visayas, Cebu City, 1972).

tungkulin sa mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino sa ikaapat na baitang sa Sangay ng Negros Occidental. Ipinahayag niya ang mga kahirapan at sagabal sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral. Natuklasan din sa pag-aaral na ito ang mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na Bisaya tulad ng limitadong yunit sa Filipino na kanilang natamo, kawalan ng kakayahan sa pagtuturo ng balarila at pagbasa, kakulangan ng mga kagamitang panturo at limitadong panahong inilaan para sa Filipino.

Sa panig naman ng mga mag-aaral, natuklasan sa pag-aaral ng Filipino ang kakulangan ng mga aklat. Isa pa rin ito sa naging sagabal sa bukas na kabatiran sa Filipino at amg suliranin sa pagtanggap at saloobing walang malasakit sa ating wika ng ilang guro at mag-aaral.

Ang pag-aaral ni Dungog[19] ay nagpokus sa mga suliranin sa pagpapatupad sa pagtuturo ng Filipino sa mga paaralang elementarya sa Purok ng Pardo, Lungsod ng Cebu. Ang pag-aaral ay naglayong magsiyasat sa

---

[19]Bernadette Dungog, "The Problems in the Implementation of Teaching Filipino in the Public Elementary Schools of the District of Pardo, Cebu City," (di-nalathalang tesis sa Master, Cebu City, 1970).

mga suliranin sa pagpapatupad ng bilinggwalismo.

Isang pagsusuring ulat na pinamagatang "Isang Pag-aaral sa Pagkakagusto ng Guro sa Paggamit ng Filipino Bilang Wikang Panturo"[20] ang isinagawa noong 1970. Napagalaman dito na karamihan ng mga tagasagot (62 bahagdan), ang nagsabing makagagamit sila ng Filipino bilang wikang panturo nang mahusay na mahusay, mahusay o katamtaman lamang. Tatlumpong dalawang bahagdan (32%), ang makagagamit nang maigi pero may kahirapan at tatlong bahagdan (3%) lamang ang talagang hindi makapagtuturo ng Filipino. Ang mga guro ay hindi sumang-ayon sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mataas na paaralan.

Ang pag-aaral ni Seoane[21] ay nagbibigay diin sa mga suliraning naranasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa mga paaralang elementarya pampubliko sa Distrito ng Hindang, Sangay ng Leyte II. Ang mga

---

[20] BPS Bulletin No. 1, s. 1973 - "A Study On Teacher Preferences on the Use of Filipino as Medium of Instruction."

[21] Ervando A. Seoane, "A Study of the Problem of Teaching Filipino in the Public Elementary School of the District of Hindang, Leyte II, 1970-1973," (di-nalathalang tesis sa Master, University of the Visayas, Cebu City, 1973).

pangunahing pokus sa pag-aaral ay ang mga suliraning kaugnay sa plano, pamamaraan at kagamitang panturo, at pati na rin ang mga tauhan. Pagkatapos nang maayos na pagsisiyasat, binuo niya ang mga konklusyon batay sa kanyang mga natuklasan.

Ayon sa plano ng pagtuturo, ang lahat ng mga guro kahit ano ang kanyang tinuturuang asignatura ay dapat matutong magsalita at sumulat sa Filipino. Dapat niyang hikayatin ang mga mag-aaral at mga magulang na magsalita sa naturang wika hindi lamang sa paaralan kundi pati na rin sa kanilang bahay o pamayanan. Kung ang paraan naman ng pagtuturo ang pag-uusapan, ang guro ay kailangan mag-aral ng iba't ibang paraan upang madali niyang makamtan ang mga layuning inilahad sa kanyang aralin. Dapat niyang makagawiang makipag-usap sa mga mag-aaral, kapwa guro at mga magulang sa wikang Filipino. Sa larangan naman ng suliranin sa mga kagamitang panturo, dapat niyan gamitin ang kanyang pangmadlang pakikipag-ugnayan sa paghingi ng mga donasyon galing sa mga organisasyong sibiko para sa pamimili ng mga aklat, magasin at pahayagang Filipino. Dapat niyang pasiglahin ang mga opisyal sa pamahalaan para maglaan ng sapat na pondo para sa pagbili ng mga kagamitang kakailanganin sa pagtuturo. Kaugnay sa suliranin, ang dapat bigyan

ng malaking pagkakataong tanggapin sa pagtuturo ng Filipino ay yaong may sapat na kasanayan sa wika.

Ang pag-aaral ni Zabala[22] ay nagtangkang tuklasin ang pangkalahatang konsensus ng mga gurong pampubliko sa kabisaan ng pagtuturong bilinggwal sa mababang primarya. Ang sumusunod ay ang kinalabasan ng kanyang pag-aaral: (1) Ang pagtuturong bilinggwal ay natuklasang mabisa sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa ibang asignatura sa kurikulum pang-elementarya katulad ng Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan at Iskawting, Musika at Sining; (2) Sa Pagtuturo akademika, ang pinakamahirap na mga kasanayang malinang ay ang malikhaing pagpapahayag sa gawang pasalita o pasulat, at ang mga kasanayang nangangailangan nang malalim na pagsusuri dahil hindi pa nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga talasalitaang gagamitin sa komunikasyong bilinggwal; at (3) Ang mga suliraning panturo, kasanayan at kakayahang pangwika.

Isa pa ring pag-aaral tungkol sa kalagayan ng

---

[22] Corazon P. Zabala, "The Effectiveness of Bilingual Teaching in the Lower Primary Grades in the District of Pardo, Cebu City Division During the SY 1970-1977," (di-nalathalang tesis sa Master, University of the Visayas, Cebu City, 1977).

edukasyong bilinggwal ay isinagawa ni Gapasin.[23] Ang mga tagasagot ng pananaliksik na ito ay binubuo ng 207 gurong sekondarya ng Mataas na Paaralang Ramon Magsaysay (Cubao), Lungsod ng Quezon, na nanunungkulan sa taong panuruan 1976-1977.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ni Gapasin ay ang sumusunod: (1) Ang edukasyong bilinggwal ay isinasakatuparan na sa Mataas na Paaralang Ramon Magsaysay at ang mga guro ay handa na para sa sapilitang implementasyon ng programa sa taong panuruang naitakda sa panuntunan; (2) Nabigyan din ng pagsusuri at pagpapahalaga ang pamaraan, estratehiya at padulog na paraan, mga kagamitang pansukat at ang lawak ng pagkakagamit ng mga ito at ang mga layunin sa ilalim ng Binagong Kurikulum Pansekondarya; at (3) Mayroon ding labing-anim layunin instruksyunal ng Binagong Kurikulum Pansekondarya ang isinasakatuparan ng mga gurong kasangkot ng pag-aaral.

---

[23] Teresita P. Gapasin, "Status of the Implementation of the Bilingual Education Program at Ramon Magsaysay (Cubao) High School, Division of Quezon City, School Year 1976-1977," (di-nalathalang tesis sa Master, Ortañez University, Quezon City, March, 1977).

Republika ng Pilipinas, Artikulo XIV, Edukasyon, Siyensiya at Teknolohiya, Kultura at Isports talataang 6 hanggang 9, hinggil sa wika ay nagsasaad:

Seksiyon 6. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang ito ay dapat payabungin at pagyamanin sa salig sa umiiral na mga wikang Filipino at iba pang mga wika.

Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasiya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

Seksiyon 7. Ukol sa mga layunin ng komunikasyon pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hanggat walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.

Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbi na pantulong na mga wikang panturo roon.

Dapat itaguyod nang kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuklas ng mga kahinaan at kabutihan sa implementasyon ng programa at nagbigay din ng mga tagubilin at mga magagawang pantulong o panlunas. Itong pag-aaral ni Gapasin ay malaking tulong bilang reperensiya sa mga mananaliksik sa kapantayang ito.

Ang pananaliksik nina Masangkay, Otanes at Villamin[24] ay sinuri ang wika na ginamit sa pagtuturo sa mga paksa katulad ng paksang panlipunan, agham, at matematika. Ang mga paksang ito ay gumamit ng Ingles-Filipino bilang wikang panturo. Ang mga pagsusulit ay tungkol sa pagbasa at wika.

Ang pag-aaral na nabanggit ay gustong tuklasin ang epekto ng wikang ginamit sa pagkakasulat ng mga paksang pinag-aralan ng mga mag-aaral.

Si Caparoso[25] ay nagsiyasat tungkol sa katayuan sa pagpapatupad ng programang edukasyong bilinggwal. Ito ay nagbibigay ng ilang mahahalagang bagay katulad ng:

---

[24] Zenaida Masangkay, Fe Otanes, and Arceli Villamin, "The Philippine Normal College Bilingual Experiment," The Filipino Bilingual. (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1977), pp. 19-32.

[25] Jose B. Caparoso, "The Status of the Implementation of Bilingual Education Program in the District of Melellin," (di-nalathalang tesis sa Master, Cebu Roosevelt Memorial College, Bogo, Cebu City, 1979).

(1) Karamihan ng mga guro mula sa una hanggang ikalimang baitang ay gumagamit pa rin ng Ingles bilang wikang panturo. Yaong mga gurong nagpapatupad sa programa ay hindi nagsimula sa itinakdang taong panuruan at hindi masyadong sumunod sa patakaran dahil gumamit pa rin sila ng Ingles sa pagtuturo ng mga asignaturang ipinag-uutos ng kagawaran na dapat maituro sa Filipino; (2) Karamihan sa mga guro ay may di-kasiya-siyang saloobin sa programa dahil sa kakulangan nila ng mga kaalaman sa Filipino at ang kawalan ng kagamitang panturo; at (3) Ilan lamang sa mga gurong tagatugon ang gumagamit sa kahalagahan ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo gaya ng paraang konseptuwal at pamarang karanasan pang-wika.

Natuklasan ni Abad[26] sa kanyang pag-aaral na ang patakarang edukasyong bilinggwal ay ginamit ng mga klase sa ikatlong baitang sa mga Paaralang Lungsod ng Danao ayon sa ipinag-uutos ng edukasyong bilinggwal. Karamihan sa mga tao ay walang pag-aalinlangan sa madaling pagbabago ng wika. Patakarang Edukasyong Bilinggwal ay

---

[26] Carmencita P. Abad, "The Implementation of Bilingual Education in Grade III in Danao City Schools," (di-nalathalang tesis sa Master, University of the Visayas, Cebu City, August, 1979).

ginamit ng mga klase sa nasabing taon ng mga paaralang nabanggit. Karamihan din sa mga tao ay walang pag-aalinglangan sa madaling pagbabago ng wika. Ang mga guro sa ikatlong baitang ay nakapagsakatuparan subalit may ilang kahinaan pa rin na kanilang natuklasan.

Isang surbey tungkol sa implementasyon ng patakarang edukasyong bilinggwal sa tatlong piling purok ng Sangay ng Samar ang isinagawa ni Mustacisa.[27]

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod: (1) Ang mga tagapamahala ng paaralan at mga guro sa tatlong piling purok ng Sangay ng Samar sa taong panuruan 1979-1980 ay nasa kagyat na para sa implementasyon ng patakarang edukasyong bilinggwal, sa pagbibigay konsiderasyon sa kani-kanilang kahandaan ayon sa kwalipikasyong edukasyunal, kalagayan sa tungkulin, haba ng panahon ng paglilingkod, at pagdalo sa mga salingkurang pagsasanay o seminar. Ang lahat ng mga ito ay nakaambag sa pagsasagawa ng layunin, hakbang, mga gawaing nauugnay sa programang ito; (2) May panganga-ngailangan ng mga pasilidad, kasangkapan at mga kagami-

---

[27]Ulrico B. Mustacisa, "Ang Implementasyon ng Patakarang Edukasyong Bilinggwal sa Tatlong Piling Purok ng Sangay ng Samar," (di-nalathalang tesis sa Master, Ortañez University, Lungsod Quezon, Marso, 1980).

tan na ginagamit sa pamamahala at sa pagtuturo. Ang mga ito ay napag-alaman na di-sapat upang tumugon sa pangangailangan kaya nagiging madali o mahina ang takbo o bilis sa implementasyon ng programa; (3) Natuklasan na mahusay ang mga tagapamahala ng paaralan sa pakikipagtalastasan sa mga wikang Filipino at Ingles ngunit sa kanilang pamamahala, ang huling wika ang palaging ginagamit, at masasabi na sila ay may kakayahang bilinggwal. Ang mga guro ay di-gaanong mahusay sa paggamit ng dalawang wika at tapat lamang nilang sinagot na katamtaman lang ang kanilang kakayahang pangwika; at (4) ang pangunahing suliranin ng mga tagapamahala ng paaralan at mga guro ay di-gaanong naiiba. Ito ay natuklasan sa unang tatlong pangunahing suliranin na may katumbas na bahagdan o ranggo.

Ang pag-aaral ni Ballesteros[28] ay tungkol sa kinalabasan ng edukasyong bilinggwal sa kakayahan ng mga elementaryang mag-aaral sa distrito ng Kanlurang Dumalinao, Sangay ng Zamboanga del Sur.

---

[28] Vidalia Ballesteros, "Kinalabasan ng Edukasyong Bilinggwal sa Kakayahan ng mga Mag-aaral ng Elementarya sa Distrito ng Kanlurang Dumalinao, Sangay ng Zamboanga del Sur," (di-nalathalang tesis sa Master, Ateneo de Zamboanga, 1981).

Ang mga sumusunod ay ang naging bunga ng kanyang pananaliksik: (1) Karamihan sa 114 na gurong nagtuturo sa unang baitang hanggang sa ikaanim na baitang ay may sapat na kakayahang bilinggwalismo; (2) Ang binigyang-diin sa edukasyong bilinggwal ay ang tatlong R. Napag-alaman na karamihan sa mga bata ay may kaunting kakayahan sa tatlong R. Mahina sila nang kaunti sa pagkilala sa mga salita at wastong pagbigkas at mahina sa pagsasagot ng problema sa Filipino at sa Ingles; (3) Ang mga tulong at mga kagamitan sa pagtuturo ay ang mga larawan, kards at mga batayang aklat sa EDPITAF; at (4) Sa takbo ng pagsasakatuparan, ang mga suliranin ay ang tungkol sa kapaligiran at karanasan ng bata na nagpapahina sa pag-unlad ng kanilang pakikipagtalastasan.

Isang surbey ang ginawa ni Sedillo[29] tungkol sa edukasyong bilinggwal sa mga Paaralang Sekondarya sa Lungsod ng Zamboanga. Ang mga kinalabasan ng kanyang pagsisiyasat ay ang mga sumusunod: (1) Karamihan sa mga guro sa mga paaralang sekondarya sa Lungsod ng Zamboanga ay may sapat na kaalaman sa mga asignatura maliban sa

---

[29]Vicenta Neri P. Sedillo, "The Status of Bilingual Education in the Secondary Schools in Zamboanga City," (di-nalathalang tesis sa Master, Ateneo de Zamboanga, 1982).

Filipino. Karamihan sa mga guro ay may isa hanggang limang taong karanasan sa pagtuturo at sapat na seminar o salingkurang pagsasanay; (2) Kakaunti lang ang kanilang kagamitang panturo sa Filipino ngunit kompleto ang mga kagamitan sa Ingles; (3) Ang mga guro ay walang malasakit o pagkawili sa pagsasakatuparan ng edukasyong bilinggwal dahil sa sumusunod na mga kadahilanan: (a) kulang sila ng talasalitaan sa Filipino; (b) nakakalito raw sa mga bata ang edukasyong bilinggwal; at (c) hindi nakakatulong sa mga mag-aaral ang instruksyong bilinggwal.

Bukod sa mga kalagayang pag-aaral ng edukasyong bilinggwal, isang pagpapahalaga ang isinagawa sa Purok ng Wright, Sangay ng Samar, sa pananaliksik ni Daventes.[30]

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga nabuong kapasiyahan ng kanyang pag-aaral: (1) Na ang mga tagapamahala at mga gurong kasali sa pag-aaral ay may sapat na kahandaan sa pagtuturo ng bilinggwal batay sa kanilang tinapos na pag-aral, ipinasang pagsusulit sa Serbisyo Sibil, haba ng karanasan sa pamamahala at pagtuturo, dinaluhang salingkurang pagsasanay at kakayahan sa

---

[30] Corazon D. Daventes, "Ang Patakarang Bilinggwal sa Purok ng Wright, Samar: Isang Pagpapahalaga," (di-nalathalang tesis sa Master, Ortañez University, Quezon City, 1983).

pakikipagtalastasan sa Filipino; (2) Na bagama't sa pangkalahatan ay masasabing ang mga tagapamahala at mga guro ay may sapat na kahandaan, kailangan pa rin sa mga ito ang pagpapaunlad sa kanilang pag-aaral at pagdalo sa mga salingkurang pagsasanay; (3) Na higit na magiging mabisa ang pagtuturo ng mga guro kaugnay ng edukasyong bilinggwal kung malulunasan ang kakulangan nila sa mga kagamitan sa pagtuturo na nasusulat sa Filipino lalo na ang mga sangguniang babasahin sa bawat asignaturang nakatakdang ituro sa Filipino, pati na ang di-sapat na kahandaan ng ilang mga guro sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo; at (4) Na kailangan pa ring maganyak ang mga gurong di-sang-ayon sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo na maayos dito at makatulong pa rin sa pagpapasigla ng palatuntunang ito ng pagtuturong bilinggwal.

Si Bartolome[31] ay nagsagawa ng isang eksperimental na pananaliksik ukol sa bisa ng PVOSBM na pagdulog sa kahusayan ng pagbasa sa Filipino sa unang baitang ng mga mag-aaral na Waray sa mga paaralang

---

[31] Rosario M. Bartolome, "Ang Bisa ng Phono-Visual-Oral-Sound Blending-Meaning na Pagdulog sa kahusayan ng Pagbasa sa Filipino sa Unang Baitang ng mga Mag-aaral na Waray," (di-nalathalang disertasyon, Divine Word University, Tacloban City, 1983).

sentral ng Sangay ng Lungsod ng Calbayog.

Ang disenyo ng eksperimento ni Bartolome ay pretest-posttest eksperimental at kontrol na grupong pag-aaral o R $O_1$ X $O_2$ R $O_3$ $O_4$ saang ang R, ay tumutukoy sa randomisasyon sa mga kalahok ng klaseng eksperimental, $O_1$ ay tumutukoy sa pretest o unang pagsubok sa kakayahan sa pagbasa sa Filipino na ibinigay sa mga batang mag-aaral bago ipairal ang pagdulog ng PVOSBM sa grupong eksperimental, X ay tumutukoy sa eksperimental na baryabol, $O_2$ ay tumutukoy sa posttest na ibinigay sa klaseng eksperimental pagkatapos ipairal ang pagdulog PVOSBM, R ay tumutukoy sa randomisasyon sa klaseng kontrol, $O_3$ ay tumutukoy sa pretest o unang pag pagsubok sa kakayahan sa pagbasa sa Filipino ng klaseng kontrol at $O_4$ ay tumutukoy sa posttest o huling pagsubok na ibinigay sa mga mag-aaral sa grupong kontrol. Ang independent baryabol sa pag-aaral ni Bartolome ay ang paggamit ng pagdulog na PVOSBM sa pagtuturo ng panimulang pagbasa sa Filipino at ang dependent na baryabol ay ang antas ng kahusayan sa pagbasa sa Filipino.

Ang layunin ng pag-aaral na nabanggit ay tiyakin ang bisa ng pagdulog na PVOSBM sa kakayahang bumasa sa Filipino ng mga mag-aaral na Waray sa unang baitang.

Ang instrumentong ginamit para tiyakin ang bisa ng PVOSBM ay isang eksamen na may 30 aytem.

Lumabas sa pag-aaral na ito na bago sinimulan ang eksperimento magkakatulad ang antas ng kakayahan sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa klaseing eksperimental at klaseng kontrol sa apat na paaralang sentral ng Calbayog Pilot, Calbayog East, Oquendo at Tinambakan. Bukod lamang sa San Policarpo Sentral na may higit na kakayahan ang mga mag-aaral sa klaseng kontrol kaysa sa mag-aaral sa klaseng eksperimental. Ang pangkalahatang panggitnang iskor sa pretest na nakuha ng mga mag-aaral sa limang klaseng eksperimental ay 9.93 at 11.01 naman ang nakuha ng mga mag-aaral sa klaseng kontrol. Ang kaibhan ng dalawang iskor ay 1.48 at ito ay hindi makabuluhan sa .05 antas ng kabuluhan. Ang pangkalahatang panggitnang iskor sa posttest na nakuha ng mga mag-aaral sa mga klaseng eksperimental ay 17.22 at 13.13 naman ang nakuha ng mga mag-aaral sa klaseng kontrol. Lumabas na higit ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa klaseng eksperimental ng 4.09 na puntos pagkatapos ipairal ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang pagdulog ng PVOSBM.

Ang mga kaugnay na literatura at mga pag-aaral

na sinuri ay nakapagbigay sa mananaliksik ng malawak na pananaw sa paksa ng kanyang pag-aaral. Sa pamamagitan din nito, nagkaroon siya ng ideya sa pagbuo ng mga suliranin, hipotesis, batayang konseptuwal at higit sa lahat ang metodolohiya ng kanyang pag-aaral.

Ang mga nabanggit na kaugnay na pag-aaral ay nagpapakita ng mga suliranin sa pagpapatupad ng patakarang edukasyong bilinggwal. Isa na rito ay ang walang kasanayan at kakayahang pangwika ng mga guro at siyang nagiging dahilan sa pagkakaroon nila ng negatibong saloobin sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo. Kaya, dapat lamang na lalong ipagsapilitan ng mga kinauukulan ang pagpapatupad nitong kautusang bilinggwal sa mga naturang asignatura nang sa gayon ay mapamahal at mabigyan ng kahulugan sa kanila ang ating Pambansang Wika, Filipino.

Napag-alaman din sa mga sinuring pag-aaral na wala pang mga eksperimentong pananaliksik ukol sa bisa ng paggamit ng Filipino sa mga naturang asignatura ang naisagawa kahit dito sa buong Rehiyon VIII. Bagamat sapilitang pinaiiral ang kautusang bilinggwal

hindi pa rin nasusubok ang bisa nito sa mga itinakdang asignaturang ituturo sa wikang Filipino. Ang kasalukuyang pag-aaral ay isang hakbang tungo sa pagpapatupad ng patakarang ito.

# KABANATA III

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pamaraag ginamit sa pag-aaral, kinailangang datos, pinagkunan ng mga datos at gayon din ang istatistikang ginamit.

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang ginamit na disenyo ay isang pretest-post-test eksperimental at kontrol na grupong pag-aaral na naglalayong tiyakin ang bisa ng paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, taong panuruan 1987-1988. Ang disenyo ng pag-aaral ay:

$$R \quad O_1 \quad X \quad O_2$$

$$R \quad O_3 \quad \quad O_4$$

Saan ang:

R - ay nangangahulugang randomisasyon o walang pagkiling na pagpili ng mga kalahok na sasali sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol.

$O_1$ - ay tumutukoy sa pretest o unang pagsubok sa kabatiran sa pananahi na ibinigay sa mga mag-aaral

ng pangkat eksperimental bago ilapat ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang wikang Filipino na ginamit bilang midyum ng pagtuturo.

$O_2$ - ay tumutukoy sa posttest o huling pagsubok na ibinigay sa mga kalahok ng pangkat eksperimental pagkatapos ilapat ang eksperimental na baryabol.

X - ay tumutukoy sa eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang wikang Filipino.

$O_3$ - ay tumutukoy sa pretest o unang pagsubok sa kabatiran sa pananahi na ibinigay sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol; at

$O_4$ - ay tumutukoy sa posttest o huling pagsubok na ibinigay sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol.

## Ang Mga Kalahok

Mga babaing mag-aaral sa kursong Pananahi mula sa ikalawa hanggang sa ikaapat na taon at dalawang guro ng antas sekondarya ang mga kalahok sa pag-aaral na ito.

Mga Mag-aaral na Kalahok. Pitumpu't dalawang (72) babaing mag-aaral sa asignaturang Sariling Pili, antas sekondarya ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito. Ang mga ito ay pinili sa pamamagitan ng sinadyang sampling, (purposive sampling) ngunit random na itina-

laga ang mga kalahok sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol. Sa ikalawang taong, 14 ang itinalaga sa pangkat eksperimental at 14 din sa pangkat kontrol. Sa ikatlong taon, 14 ang kalahok sa unang pangkat at ganoon din sa ikalawa. Sa ikaapat na taon, 8 sa unang pangkat at 8 rin sa ikalawa.

Mga Gurong Kalahok. Dalawang gurong babae ang naging kalahok sa pag-aaral na ito. Isang guro lang ang nagtuturo sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol ng ikalawa at ikatlong taon. Isang guro rin ang nagturo sa dalawang pangkat ng mag-aaral sa ikaapat na taon. Ang unang guro ay may 29 taong gulang at may 8 taong karanasan sa pagtuturo. Ang pangalawang guro naman ay may 32 taong gulang at may 9 taong karanasan sa pagtuturo. Sila ay kapwa babae, may 30 yunits sa M.A. at mga pasado rin sa eksameng serbisyo sibil.

## Ang Instrumentasyong Ginamit

Upang tiyakin ang bisa ng wikang Filipino iba-ibang instrumento para sa tatlong antas ng taon ang ginamit. Isang 45-aytem na pagsubok ang ginamit para sa ikalawang taon, 65-aytem na pagsubok at 100-aytem

para sa ikatlong taon at ikaapat na taon ayon sa pagkasunod. Ang mga instrumentong ito ang siyang ginamit sapagkat ang mga aytem sa pagsusulit ay tapos nang suriin sa kanilang indices of difficulty at indices of discriminability. Ang mga aytem ay may 40%-70% ng kahirapan at .30-.40 antas ng diskriminasyon. Dahil dito masasabing balido na at may katatagan ang mga instrumento. Iba-ibang kasanayan sa pananahi ang sinubok ng mga nabanggit na instrumento na ibinatay sa talahanayan ng nilalaman ng pagsusulit.

Ang mga raw iskors sa unang pagsubok at huling pagsubok ng mga kalahok na mag-aaral ang naging batayan sa kompyutasyon ng mga kinalabasan.

Paraan ng Pagpili ng mga Kalahok, Randomisasyon (R) at Pagkokontrol ng Ibang Baryabol

Sinadya ang pagpili ng mga kalahok sa pag-aaral na yaong kumukuha lamang ng kursong Pananahi. Ang paliwanag tungkol dito ay ang kaalaman ng mananaliksik sa kursong nabanggit. Dahil dito, hindi siya gaanong nahirapan sa pagbuo ng mga materyal o mga kagamitan pampagturo para sa mga pangkat eksperimental. Isa pa, hindi maaari ang randomisasyon na pagpili ng mga kalahok

dahil iba-iba ang espesyalisasyon na kurso ng mga mag-aaral sa SSPC.

Sinikap kontrolin ang bayas na pagpili ng mga kalahok na bubuo sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol ng bawat taon; ang ikalawa, ikatlo at ikaapat. Ipinasya ng mananaliksik na mula sa ikalawang taon gawin ang pag-aaral dahil dito nag-uumpisa ang mga mag-aaral sa pagkuha ng kanilang espesyalisasyon na kurso.

Narito ang paraang ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa bawat pangkat. Una, kinuha ng mananaliksik ang mga marka ng mga kalahok sa kanilang guro sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi). Ang mga markang ito ay mula sa kanilang una at ikalawang markahan, pagkatapos ay tinuos ang balasak. Ang pagkasunud-sunod ng kanilang antas ang siyang naging batayan sa pagpili ng mga bumuo sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Halimbawa, sa ikalawang taon 28 ang mga kalahok, ang pinakamataas ang antas ay nilagyan ng bilang 1 hanggang 28, ang pinakamababa. Ang mga pantay na bilang ay itinalaga sa pangkat eksperimental at ang mga di-pantay na bilang ay itinalaga sa pangkat kontrol. Pagkatapos, tinuos naman ang tamtamang balasak ng dalawang pangkat. Gumawa rin ng paghahalili ang mananaliksik upang gawing

pantay ang tamtamang balasak ng mga kalahok na mag-aaral sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol. Ang mga kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo sa isang pangkat ay hindi pare-pareho dahil ito ay ibinatay sa kanilang mga marka, ngunit magkapareho nang kakayahan ang dalawang pangkat. Ganoon ding paraan ang isinagawa sa pagpili ng mga kalahok sa ikatlo at ikaapat na taon.

Sa mga salik pang mag-aaral, kinontrol ang mga baryabol na sekso at kakayahang mental sa pamamagitan ng paggamit ng mga babaing mag-aaral lamang at magkaparehong tamtamang balasak ng mga kalahok sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol. Ang sa gulang naman, hindi masyadong magkakalayo ang agwat dahil tuluy-tuloy ang pag-aaral ng mga naging kalahok. Sa ikalawang taon, ang gulang ay 13 hanggang 14; 14 hanggang 15 sa ikatlong taon; at 15 hanggang 16 sa ikaapat na taon.

Sa panig naman ng guro, kinontrol din ang mga baryabol na sekso, gulang, edukasyon at haba ng panahon ng pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng iisang guro sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol.

Unang Pagsubok

Sa loob ng ikatlong markahan ginawa ang pag-aaral sa ikalawang taon. Bago ilapat ang eksperimental

na baryabol (X) ang 28 mag-aaral sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol ay binigyan ng panahong maihanda ang kanilang mga sarili sa pagkuha ng unang pagsubok ($O_1$ $O_3$) na ibinigay ng mananaliksik at ng gurong kalahok noong Nobyembre 23, 1987 sa ika-9 hanggang ika-10 ng umaga. Tiniyak ng mananaliksik na bago umpisahan ng mga kalahok na mag-aaral ang pagsagot, naunawaan at nasunod nilang mabuti ang mga ipinaliwanag na panuto sa pagsusulit.

Sa tulong ulit ng mga gurong kalahok, ang mananaliksik ay nagbigay din ng unang pagsubok ($O_1O_3$) sa 28 mag-aaral na itinalaga sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol ng ikatlong taon at sa 16 na mga mag-aaral sa dalawang pangkat ng ikaapat na taon noong Pebrero 2, 1988, sa ika-9 hanggang ika-10 ng umaga. Tiniyak din ng mananaliksik ng naunawaang mabuti ang mga panuto ng pagsusulit bago inumpisahan ang pagsagot ng mga kalahok na mag-aaral. Ang pag-aaral sa mga nabanggit na taon ay isinagawa sa loob ng ikaapat na markahan.

Pagkatapos ng pagsusulit, tinipon ang mga papel ng mga mag-aaral, pinaghiwalay ang mga papel ng pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Pagkatapos iwasto pinaghambing ang mga resulta, sinuri ang mga iskor

upang matiyak ang pagkakaiba sa natamong iskors ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol.

Paglalapat ng Independent na Baryabol (X)

Bago sinimulan ang pormal na pagtuturo, tiniyak muna ng mananaliksik na nasa magkahiwalay na silid-aralan ang mga kalahok ng dalawang pangkat. Ito ay isinagawa upang mabigyan ang mga mag-aaral ng bukod na talakayan.

Inumpisahan ng guro sa Sariling Pili (Pananahi) ang pagtuturo sa mga klaseng eksperimental na wikang Filipino ang ginamit na midyum sa pagtuturo. Ginawa ito sa loob ng isang markahan, isang oras sa bawat sesyon na umabot ng anim na linggo.

Ang mananaliksik ay araw-araw na nagmasid sa mga klase upang makatiyak na isinasagawa at pinananatili ang eksperimental na baryabol.

Paraan ng Pagtuturo sa Mga Pangkat Kontrol

Para sa mga klaseng kontrol, wikang Ingles ang ginamit na midyum sa pagtuturo. Parehong panahon ang itinakda ng pag-aaral sa dalawang pangkat; ang mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol. Ang

mananaliksik ay araw-araw ding sumusubaybay sa mga klase upang makatiyak na sinusunod ng gurong kalahok ang mga dapat gawin.

Huling Pagsubok

Pagkatapos ng itinakdang panahong pag-aaral, isang posttest o huling pagsubok ang ibinigay ng mananaliksik sa mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol upang matiyak ang bisa ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa mga kalahok ng pag-aaral. Ang huling pagsubok sa ikalawang taon ay sabay na ibinigay sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol noong Enero 23, 1988. Isang mag-aaral sa pangkat eksperimental ang hindi nakakuha ng pagsubok na ito dahil huminto sa pag-aaral. Ang dalawang pangkat sa ikatlo at ikaapat na taon ay sabay din binigyan ng huling pagsubok noong Marso 25, 1988. Isa ring mag-aaral sa pangkat eksperimental ng ikatlong taon ang hindi nakakuha nitong pagsubok dahil ito ay nagkasakit. Katulad ng sa unang pagsubok, sa ika-9 hanggang ika-10 ng umaga ibinigay ang nasabing pagsubok.

Pagsusuring Istatistikal

Matapos suriin ang mga iwinastong papel ng mga

kalahok na mag-aaral, kinuha ang mga tamtamang iskors ng mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol at ang kaibhan nito ay sinubok sa pamamagitan ng F-test. Ang 2-Way ANOVA ay ginamit upang matiyak ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng tatlong antas ng taon sa sekondarya na kasali sa pananaliksik. Ginamit ang .05 sa antas ng kahalagahan bilang batayan sa pagtanggap o di-pagtanggap sa hipotesis ng pag-aaral na ito.

Narito ang pormula sa pagtuos ng F:

$$F = \frac{\text{MS (Mean Square)}}{\text{MSE (Mean Square due to Error)}}$$

$$\text{Saang: } MS = \frac{\text{SS(Sum of Squares)}}{\text{df (degrees of freedom)}}$$

Sa ginawang pagsusuri, mayroon limang (5) "Sum of Squares" na tinuos. Ito ay ang "Sum of Squares" dahil sa taon (year level), pinaglapatan (treatment), interaksyon (taon x pinaglapatan), kamalian (error within sum of squares) at ang kabuuan ng "Sum of Squares".

Ang pormula sa pagtuos ng binanggit na "Sum of Squares" ay ipinakikita sa Talahanayan 1 sa kabila.

Talahanayan 1

Pormula sa Pagtutuos ng

Mga "SUM OF SQUARES"

| SV | df++ | SS | MS | F-value |
|---|---|---|---|---|
| Taon | k-1 | $E \frac{X}{r} - C$ | $\frac{SS\ (Taon)}{k-1}$ | $\frac{MS\ (Taon)}{MSE}$ |
| Pinag-lapatan | r-1 | $E \frac{X}{k} - C$ | $\frac{SS\ (Pinag\text{-}lapatan)}{r-1}$ | $\frac{MS\ (Pinag\text{-}lapatan)}{MSE}$ |
| Inter-aksyon | (k-1) (r-1) | $E \frac{X}{n} - \frac{X}{r} - C$ <br> $\frac{X}{k} - C - C$ | $\frac{SS\ (Inter\text{-}aksyon)}{(k-1)(r-1)}$ | $\frac{MS\ (Inter\text{-}aksyon)}{MSE}$ |
| Kamalian (w/in) | N-kr | SS (kabuuan) -SS (Taon) - SS (Pinag-lapatan) - SS (Interaksyon) | $\frac{SSE}{N - kr}$ | |
| Kabuuan | N-1 | $EX^2 - C$ | | |

++k = bilang ng hanay

r = bilang ng tudling

N = bilang ng mga kasangkot

# KABANATA IV

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad sa kinalabasan ng unang pagsubok o pretest, ang pagkakatulad ng mga antas sa kabatiran sa pananahi ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol bago ilapat ang independent na baryabol at ang kinalabasan ng huling pagsubok o posttest.

Ang 72 babaing mag-aaral na bumuo bilang mga kalahok, na binuo rin ng tigtatatlong antas ng taon: ikalawa, ikatlo at ikaapat ay bumuo sa eksperimental at kontrol na mga pangkat.

Batay sa pagsusuri ng mga datos, narito ang mga kinalabasan ayon sa pagkasunud-sunod ng mga tiyak na suliranin. Ang mga ito ay inilahad sa mga talahanayan at ipinaliwanag din sa teksto upang lubusang maging maliwanag ang lahat.

### Ang Mga Tamtamang Iskor ng mga Mag-aaral sa mga Pangkat Eksperimental at mga Pangkat Kontrol

Ang mga tamtamang iskor ay nakuha sa mga unang pagsubok na ibinigay sa kapwa eksperimental at kontrol

na pangkat. Ang isang konkreto, malinaw at presisong analisis ng mga datos ay matatagpuan sa Talahanayang 2 at 3.

Talahanayan 2

Kinalabasan ng Unang Pagsubok na Ibinigay Sa Mga Pangkat Eksperimental

| Taon | Inaasahang Pinakamataas na Iskor | Pinakamataas na Nakuhang Iskor | Pinakamababang Nakuhang Iskor | Tamtamang Iskor |
|---|---|---|---|---|
| Ikalawa | 45 | 21 | 10 | 14.4 |
| Ikatlo | 65 | 21 | 6 | 14.4 |
| Ikaapat | 100 | 36 | 6 | 12.8 |
| Kabuuang Tamtaman | | | | 14 |

Ipinakikita sa Talahanayan 2, unang kolum, na ang inaasahang pinakamataas na iskor ng pagsubok sa ikalawang taon ay 45, 65 sa ikatlong taon at 100 sa ikaapat na taon. Sa ikalawang kolum inilalahad ang mga pinakamataas na nakuhang iskor kasama na rin ang mga pinakamababang iskor. Ang ikalawang taon ay nakakuha ng 21 at 10; ang ikatlong taon ay nakakuha ng 21 at 6; ang

ikaapat na taon ay nakakuha ng 36 at 6. Ang mga tamtamang iskor sa bawat antas ng taon ay 14.4, 14.4 at 12.8 para sa ikalawa, ikatlo at ikaapat ayon sa pagkasunud-sunod.

Talahanayan 3

Kinalabasan ng Unang Pagsubok na Ibinigay sa Mga Pangkat Kontrol

| Taon | Inaasahang Pinaka-mataas na Iskor | Pinakamataas na Nakuhang Iskor | Pinaka-mababang Nakuhang Iskor | Tamtamang Iskor |
|---|---|---|---|---|
| Ikalawa | 45 | 20 | 8 | 14.3 |
| Ikatlo | 65 | 20 | 12 | 15.4 |
| Ikaapat | 100 | 37 | 6 | 15.9 |
| Kabuuang Tamtaman | | | | 15.08 |

Tulad ng Talahanayan 2, pangkat eksperimental, ang pangkat kontrol ay may katumbas na bilang ng mga inaasahang iskor sa bawat antas ng taon: 45, 65, 100 para sa ikalawa, ikatlo at ikaapat.

Ipinakikita sa Talahanayan 3 na ang ikalawang taon ay nakakuha ng 20 iskor bilang pinakamataas, 8 ang nakuhang pinakamababa at 14.3 ang tamtamang iskor. Ang ikatlong taon ay nakakuha ng 20 bilang pinakamataas na iskor, 12 iskor ang pinakamababa at ang tamtamang iskor ay 15.4. Ang ikaapat na taon naman ay nakakuha ng pinakamataas na iskor na 37, 6 ang pinakamababa at tamtamang iskor na 15.9.

Kaibhan ng Antas ng Kabatiran sa Pananahi ng mga Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

Pagkatapos na mabigyan ng unang pagsubok o pretest ang mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrok ay kinuha ang kanilang pangkalahatang tamtamang iskor. Kinuha rin ang kaibhan ng antas sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol at sinubok ang kabuluhan ng kaibhang ito.

Sa Talahanayan 4 makikita ang kinalabasan sa Dalawang Paraan ng Pagsusuri ng mga Aligin o 2-Way ANOVA sa unang pagsubok ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

Talahanayan 4

Kinalabasan ng Dalawang Paraan ng Pagsusuri ng mga Aligin o 2-Way ANOVA sa Unang Pagsubok ng mga Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

| SV | df | SS | MS | F | T-value F .05 | Kabuluhan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | (3-1)=2 | 5.66 | 2.83 | 0.83 | 3.14 | Hindi Makabuluhan |
| Pinaglapatan | (2-1)=1 | 21.13 | 21.13 | 0.61 | 3.99 | Hindi Makabuluhan |
| Interaksyon | (3-1)(2-1) = 2 | 26.00 | 13.00 | 0.37 | 3.14 | Hindi Makabuluhan |
| Kamalian | 66 | 2293.09 | 34.74 | | | |
| Kabuuan | 72-1=71 | 2345.88 | | | | |

Makikita sa Talahanayan 4 na ang mga sumusunod na tinuos na halaga ng F: 0.83, 0.61 at 0.37 ay masyadong mababa kaysa sa halaga sa talahanayan (t-value). Ito ay hindi makabuluhan sa .05 na antas ng kabuluhan. Dahil sa resultang ito, masasabing walang mahalagang pagkakaiba sa natamong iskor sa unang pagsubok ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol

ng magkaiba-ibang taon. Kung kaya, ipinapalagay na pantay ang kakayahan o kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol bago ipairal ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang paggamit ng wikang Filipino, bilang mid-yum ng pagtuturo.

<u>Ang Bisa ng Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Sariling Pili (Pananahi)</u>

Pagkatapos mailapat ang mga eksperimental na baryabol, isang huling pagsubok o posttest ang ibinigay sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol ng mag-kaiba-ibang taon sa sekondarya. Ginawa ito upang matiyak ang epekto ng wikang Filipino sa kabatiran sa pananahi ng mga kalahok na mag-aaral. Ang huling pagsubok ay ibinigay noong Enero 23, 1988 sa ikalawang taon at sa Marso 25, 1988 ibinigay naman ang para sa ikaapat na taon. Tulad din ng unang pagsubok o pretest, ang kinalabasan ng huling pagsubok ay sinuri upang mala-man kung nagkaroon ng bisa o epekto ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang wikang Filipino na ginamit na midyum ng pagtuturo sa kursong Pananahi.

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita sa huling pagsubok na ibinigay sa mga pangkat eksperimental.

Talahanayan 5

Kinalabasan ng Huling Pagsubok na Ibinigay sa mga Pangkat Eksperimental

| Taon | Inaasahang Pinaka-mataas na Iskor | Pinakamataas Na Nakuhang Iskor | Pinaka-mababang Nakuhang Iskor | Tamtamang Iskor |
|---|---|---|---|---|
| Ikalawa | 45 | 30 | 13 | 22.2 |
| Ikatlo | 65 | 50 | 13 | 28.4 |
| Ikaapat | 100 | 90 | 35 | 70.6 |
| Kabuuang Tamtaman | | | | 35.97 |

Inilalahad dito ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga kasangkot na mag-aaral sa ginawang pananaliksik. Ang inaasahang pinakamataas na iskor sa ikalawang taon ay 45; 65 sa ikatlong taon; at 100 sa ikaapat na taon.

Mapapansin din sa Talahanayan 5 na ang ikalawang taon ay nakakuha ng 30 pinakamataas na iskor at 13 iskor naman ang pinakamababa; ang ikatlong taon ay nakakuha ng 50 na pinakamataas na iskor, 13 ang pinakamababa na iskor; ang ikaapat na taon ay nakakuha ng 90 pinaka-

mataas na iskor at 35 ang pinakamababa. Ang mga tamtamang iskor sa bawat antas ng taon ay 22.2, 28.4 at 70.6 para sa ikalawa, ikatlo at ikaapat ayon sa kanilang pagkasunud-sunod.

Makikita sa Talahanayan 6 ang kinalabasan ng huling pagsubok na ibinigay sa mga pangkat kontrol ng iba't ibang taon. Ang mga datos na ito ay maingat na sinuri at siya ring ginamit sa paghahambing sa antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na gumamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong gumamit ng wikang Ingles.

Talahanayan 6

Kinalabasan ng Huling Pagsubok na Ibinigay sa mga Pangkat Kontrol

| Taon | Inaasahang Pinaka-mataas na Iskor | Pinaka-mataas na Nakuhang Iskor | Pinaka-mababang Nakuhang Iskor | Tamtamang Tamtamang Iskor |
|---|---|---|---|---|
| Ikalawa | 45 | 43 | 13 | 27.4 |
| Ikatlo | 65 | 43 | 13 | 24.2 |
| Ikaapat | 100 | 89 | 59 | 76.8 |
| Kabuuang Tamtaman | | | | 37.11 |

Makikita sa Talahanayan 6 na ang inaasahang pinakamataas na iskor sa ikalawang taon ay 45, sa ikatlong taon ay 65 at sa ikaapat na taon ay 100. Ang ikalawang kolum ng Talahanayan ay nagpapakita ng mga pinakamataas na nakuhang iskor, 43 sa ikalawang taon, 43 sa ikatlo at 89 sa ikaapat. Ang ikatlong kolum ay para sa mga pinakamababang iskor na nakuha ng bawat taon 13 sa ikalawa, 13 sa ikatlo at 59 sa ikaapat na taon. Ang mga tamtamang iskor ay 27.4, 24.2 at 76.8 ayon sa pagkasunud-sunod ng antas ng mga mag-aaral.

## Kaibhan ng Antas ng Kabatiran sa Pananahi ng mga Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

Upang matiyak ang bisa o epekto ng eksperimental na baryabol, kinuha ang kaibhan ng antas ng kabatiran sa pananahi ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol ng iba't ibang taon at sinubok ang kabuluhang ng kaibhang ito sa pamamagitan ng Dalawang Paraan ng Pagsusuri ng mga Aligin o 2-Way ANOVA.

Matutunghayan sa Talahanayan 7 ang kinalabasan ng Dalawang Paraan ng Pagsusuri ng mga Aligin sa huling pagsubok ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

Talahanayan 7

Kinalabasan ng Dalawang Paraan ng Pagsusuri ng mga Aligin o 2-Way ANOVA sa Huling Pagsubok ng Mga Pangkat Eksperimental at Pangkat Kontrol

| SV | df | SS | MS | F | T-Value F ,05 | Kabuluhan Iskor |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Taon | 2 | 28618.50 | 1430.25 | 131.31 | 3.14 | Makabuluhan |
| Pinaglapatan | 1 | 22.74 | 22.74 | 0.21 | 3.99 | Hindi Makabuluhan |
| Interaksyon | 2 | 421.70 | 210.85 | 1.94 | 3.14 | Hindi Makabuluhan |
| Kamalian | 64 | 6846.33 | 108.97 | | | |
| Kabuuan | 69 | 35909.27 | | | | |

Inilalahad sa Talahanayang ito na ang tinuos na halaga ng F sa ilalim ng SS dahil sa taon ay 131.31. Itong halaga ay lubhang mataas kaysa sa halaga sa talayanayan o t-value kung kaya, ito'y makabuluhan sa ,05 na antas ng kabuluhan. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugan na talagang magkaiba ang kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng taon.

Ang kabuuang tamtamang iskor sa huling pagsubok ng mga pangkat eksperimental ay 35.97 at 37.11 naman ang sa mga pangkat kontrol. Ang pagkakaiba ng dalawang tamtamang iskors ay 1.14. Ito'y hindi makabuluhan ayon sa ipinakikitang tinuos na halagang -F na 0.21 sa ilalim ng SS dahil sa pinaglapatan. Ang halagang ito ay mababa kaysa sa talahanayan sa .05 na antas ng kabuluhan. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugang magkatulad ang antas ng kabatiran sa pananahi ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral. Nang dahil sa resultang ito, tinatanggap ang unang hipotesis na walang mahalagang kaibhan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng wikang Ingles.

Ang pagtanggap sa hipotesis ay nagpapahiwatig na walang mahalagang pagkakaiba sa mga natutuhan ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol kahit na sila'y ginamitan ng magkaibang wikang panturo. Samakatuwid, walang masasabi na mayroon mas mabisang wika sa pagtuturo ng asignaturang Sariling Pili (Pananahi).

Ang tinuos na halaga ng F sa ilalim ng SS dahil sa interaksyon ay 1.94. Itong halaga ay masyadong mababa kaysa sa talahanayan kung kaya ito ay itinuturing na hindi makabuluhan sa .05 na antas. Ang kinalabasang ito ay nagpapatunay na halos magkapareho ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga kasangkot na mag-aaral sa iba't ibang antas ng taon at ang pinaglapatan. Dahil dito tinatanggap ang pangalawang hipotesis na walang mahalagang kaibhan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Ingles.

KABANATA V

# PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

## Lagom

Ang pag-aaral na ito ay isang eksperimental na pananaliksik na naglayong tiyakin ang bisa o epekto ng paggamit ng wikang Filipino sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi) sa antas sekondarya ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. Ang pag-aaral ay isinagawa noong taong panuruan 1987-1988.

Sa katiyakan, ang pananaliksik na ito ay nakakuha ng mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol?

2. Mayroon bang kaibhan ang mga tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol?

3. Ano ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol?

Ang ginawang hipotesis ng pag-aaral na ito ay ang sumusunod:

1. Walang mahalagang kaibhan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo.

2. Walang mahalagang kaibhan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo.

Ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol na may unang pagsubok at huling pagsubok ang disenyo ng pag-aaral: R $O_1$ X $O_2$ R $O_3$ $O_4$. Ang pag-aaral ay sumasaklaw lamang sa asignaturang Sariling Pili (Pananahi), antas sekondarya ng Samar State Polytechnic College sa taong panuruan 1987-1988. Ang mga kasangkot sa pag-aaral ay may kabuuang bilang na 72 mag-aaral at 2 guro. Sa bilang ng mga mag-aaral na kalahok ay nababahagi sa 28, ikalawang taon; 28, ikatlong taon at 16, sa ikaapat na taon. Sinikap kontrolin ang mga salik na maaaring umagaw bisa o maaaring umapekto sa antas ng kabatiran sa pananahi maliban sa paggamit ng wikang

Filipino na siyang eksperimental na baryabol. Ang mga salik sa panig ng mga mag-aaral tulad ng sekso, gulang, kakayahang mental at ang bilang ng mga mag-aaral ay kinontrol ng mananaliksik. Ganoon din ang ginawa sa panig ng 2 guro, ang mga salik sa sekso, kalipikasyong edukasyonal at haba ng panahon sa pagtuturo. Bagama't kontrolado ang mga baryabol at random ang paraan sa pagpili ng mga kasangkot na napunta sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol napag-alaman na magkatulad lang ang mga kabatiran sa pananahi na natutuhan ng mga kalahok na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

Ginamit ang mga instrumentong: 45 aytem na pagsubok para sa ikalawang taon; 65 aytem na pagsubok para sa ikatlong taon; at 100 aytem na pagsubok para sa ikaapat na taon. Sa paglalapat istatistikal ginamit ang tamtaman sa pagkuha ng mga tamtamang iskor at 2-way ANOVA o ang Dalawang Paraan ng Pagsusuri ng mga Aligin. Sa pagtutuos at pagpapakahulugan kinuha ang .05 antas ng kabuluhan.

<u>Kinalabasan</u>. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito at ang kaukulang mga paliwanag ay ang sumusunod:

1. Ang tamtamang iskor sa unang pagsubok na

nakuha ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol sa ilalim ng SS dahil sa taon ay 2.83. Ang nakuhang df ay 2 at 0.83 ang tinuos na halaga ng F. Masyadong mababa ang halagang ito kaysa sa talahanayan, kaya ito ay hindi makabuluhan sa .05 na antas ng kabuluhan. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugan halos magkapareho ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga kalahok na mag-aaral mula ikalawa hanggang ikaapat na taon bago simulan ang eksperimento.

2. Sa pinaglapatan, ang tamtamang iskor na nakuha ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol sa unang pagsubok ay 21.13 at 1 ang nakuhang df. Samantala ang kabuuang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental ay 14 at 15.08 naman ang nakuha ng mga mag-aaral sa mga pangkat kontrol. Ang kaibhan ng mga iskors na ito ay 1.08. Itong kaibhan ay hindi makabuluhan sa .05 na antas ayon sa ipinakikita sa ilalim ng SS dahil sa pinaglapatan sa halagang 0.61 dahil masyado itong mababa kaysa sa halaga sa talahanayan. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugang magkatulad ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at

pangkat kontrol bago ipairal ang eksperimental na bar-
yabol.

3. Ang tamtamang iskor sa unang pagsubok na nakuha ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol sa ilalim ng SS dahil sa interaksyon ay 13, 2 ang df at 0.37 ang tinuos na halaga ng F. Itong halaga ay hindi makabuluhan sa .05 na antas ng kabuluhan. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugan magkatulad ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga kasangkot na mag-aaral sa iba't ibang antas ng taon at ang pinaglapatan bago inumpisahan ang eksperimento.

4. Sa huling pagsubok o posttest, ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol sa ilalim ng SS dahil sa taon ay 1430.25. Ang nakuhang df ay 2 at 131.31 ang tinuos na F. Ang halagang ito ay masyadong mataas kaysa sa halaga sa talahanayan kung kaya itinuturing itong makabuluhan. Ang kinalabasang ito ay nangangahulugang magkaiba ang mga kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng taon.

5. Sa ilalim ng pinaglapatan, ang nakuhang tamtamang iskor sa huling pagsubok ng mga mag-aaral sa

mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol ay 22.74 at 1 ang nakuhang df. Ang kabuuang tamtamang iskor sa huling pagsubok na nakuha ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental ay 35.97 at 37.11 ang nakuha ng mga mag-aaral sa mga pangkat kontrol. Itong halaga ay hindi makabuluhan sa .05 na antas ayon sa ipinakikita sa ilalim ng SS dahil sa pinagbapatan sa halagang 0.21. Ang kinalalabasang ito ay nangangahulugang magkatulad lang ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol pagkatapos ilapat ang eksperimental na baryabol. Dahil dito nagkaroon ang mananaliksik ng katibayan upang tanggapin ang hipotesis na walang mahalagang kaibhan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga kasangkot na mag-aaral na tinuruan ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Ingles.

6. Sa interaksyon naman, 210.85 ang nakuhang tamtamang iskor ng mga kasangkot na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Ang nakuhang df ay 2 at 1.94 ang tinuos na F. Itong halaga ay hindi makabuluhan sa .05 na antas ng kabuluhan. Ang kinalabasang ito ay nagpapahiwatig na magkapareho ang antas

ng kabatiran sa pananahi ng mga kasangkot na mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol mula ikalawa hanggang ikaapat na taon. Ito ay isang katunayan upang tanggapin ang hipotesis na walang mahalagang kaibhan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Filipino at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo.

Konklusyon

Batay sa sinusundang kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon ng pag-aaral na ito:

1. Bago ilapat ang eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang paggamit ng wikang Filipino, magkapareho ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at sa mga pangkat kontrol mula ikalawa hanggang ikaapat na taon sa sekondarya ng Samar State Polytechnic College.

2. Walang mahalagang kaibhan ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Filipino bilang midyum sa pagtuturo at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong

gumamit ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo.

3. Walang mahalagang kaibhan ang bisa ng wikang Filipino ayon sa interaksyon ng iba't ibang antas ng taon sa kabatiran sa pananahi ng mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Filipino at yaong mga mag-aaral na tinuruan ng gurong gumamit ng wikang Ingles bilang midyum sa pagtuturo.

4. Walang masasabing higit na mabisang wikang panturo sa asignaturang Sariling Pili, sa kursong Pananahi. Samakatuwid, walang mahalagang kaibhan ang hiwalay na paggamit ng dalawang wikang sinubok sa pananaliksik.

## Rekomendasyon

Batay sa mga kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral ang sumusunod ay iminumungkahi:

1. Sa mga Tagapamahala ng Paaralan. Alinman sa dalawang wikang panturo: Ingles o Filipino, ay maaaring gamitin dahil walang masasabi na higit na mabisa batay sa kinalabasan ng pagsusuri. Ngunit bilang pag-alinsunod sa kautusan ng kagawaran, maaaring sapilitang ipagamit ang wikang Filipino. Higit na sanayin ang mga guro tungkol sa kaparaanan ng edukasyong bilinggwal. Mag-

talaga ng komite na gagawa ng mga kagamitan pampagturo at pampagkatuto sa mga asignaturang itinakdang ituro sa wikang Filipino. Palaganapin ang kautusang bilinggwal lalung-lalo na dito sa Rehiyon VIII.

2. Sa mga Guro. Upang lalong matiyak ang bisa o epekto sa paggamit ng wikang Filipino, kinakailangang magkaroon ng kasanayan at kakayahang pangwika. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagdalo sa mga salingkurang pagsasanay o seminar, sa pakikipagtalastasan sa mga mag-aaral, mga magulang at kapwa guro. Nang sa gayon, madali nilang mailalahad ang mga paksang-aralin katulad ng sa wikang Ingles. Magkaroon ng positibong saloobin sa ating sariling wika upang hindi ito maging hadlang sa pagtanggap ng anumang pagbabago sa sistema ng ating edukasyon lalung-lalo na ang patakarang edukasyong bilinggwal.

3. Sa mga Mag-aaral. Hikayatin na mahalin ang ating Pambansang Wikang Filipino. Ang pagkakaroon ng negatibong saloobin ang malaking dahilan upang tanggapin nang bukal sa loob ang anumang pagbabago sa sistema ng ating edukasyon lalung-lalo na ang patakarang edukasyong bilinggwal.

4. <u>Sa mga Nagpapakadalubhasa sa Sining ng Edukasyon</u>. Higit na masusing pananaliksik ang gawin pa sa ganitong uri ng pag-aaral upang matiyak ang bisa ng pagsisiyasat. Gamitin ang $O_2 > O_4$ na bersyon ng Pretest-Posttest Experimental-Control Group Design bilang alternatibo (ng $O_2 - O_1 > O_4 - O_3$) na bersyon upang lalong matiyak kung pantay nga o hindi ang kakayahan ng mga kalahok sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol bago simulan ang eksperimento o bago ilapat ang independent o eksperimental na baryabol. Sa pagsasagawa ng eksperimental na pananaliksik iwasan ang sampling bias hindi lamang sa walang kiling na pagpili ng mga kalahok (R) kundi pati ang pagpapares (matching) ng mga salik pangmag-aaral at pangguro. Muling magsagawa ng eksperimental na pananaliksik saan titiyakin ang káugnayan ng kabatiran sa pananahi sa mga salik sekso, gulang, kakayahang mental at kalagayang sosyo-ekonomiko. Gawin ang ganitong eksperimental na pag-aaral sa mga asignaturang: Araling Panlipunan/Agham Panlipunan, Edukasyong Panggawain, Edukasyong sa Pag-uugali, Edukasyong Pangkalusugan, at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan. Ito ang mga

asignaturang itinakdang ituro sa wikang Filipino ayon sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974 at Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987.

# T A L A S A N G G U N I A N

## MGA AKLAT

Aquino, G. V. et. al. Fundamentals of Measurement and Evaluation. Navotas Press, 1974.

Campbell, William Giles and Stephen Vaughn. Form and Style: Theses, Reports Term Papers. Boston: Goughton Mifflin, Company, 1978.

Del Rosario, Gonzalo. Maugnaying Talasalitaang Pang Agham Ingles-Pilipino, Pamantasang Gregorio Areneta, Malabon, Dak-Maynila, 1979.

Downie, M. N. and Heath, R. W. Basic Statistical Methods. 4th Ed. New York: Harper and Row Publishers, Inc., 1974.

English, Leo James. English-Tagalog Dictionary, 1977.

Gay, L. R. Educational Research. Columbus, Ohio : Charles E. Merril Publishing Company, 1976.

Perez, Alejandrino at Santiago, Alfonso O. Mga Babasahin sa Bilinggwalismo. Quezon City: Rex Printing Co., 1977.

Sevilla, Consuelo G. et. al. An Introduction to Research Methods. Rex Book Store, 1984.

Villanueva, Antonia F. and Tianco, Norma G. Mga Pagsasanay sa Pagdalubhasa ng Komunikasyon sa Pilipino Bedes Publishing House, 1974.

## MGA MAGASIN/PERYODIKAL/"JOURNAL"

Davis, Fredireck L. "Philippine Language Teaching Experiments," PCLS Monograph, Series No. 5. Quezon City: Phoenix Press, Inc., 1967.

Juco, Jorge M. "Bilingual Education Under the New Constitution in Filipino Bilingual Experiment," Emy Pascasio. Pat., Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1977.

Masangkay, Zenaida, et.al. "The Philippine Normal College Bilingual Experiment," Emy Pascasiom Pat,. The Filipino Bilingual. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1977.

Papa, nenita P. "Pambansang ABAKADA ng Wikang Pambansa" Simposyom sa Repormang Ortograpiko. Diliman, Q. C. 1983.

Pineda, Ponciano B. "Ang Patakarang Dalawang Wika sa Edukasyon at ang Surian ng Wikang Pambansa." Mga Babasahin sa Bilinggwalismo. Quezon City: Rex Printing Company, Inc., 1977.

Ferrer, Virgilio N. Teachers Board Examination Reviewer Quezon City: VM Ferrer Foundation, 1980.

**MGA DISERTASYON AT TESIS**

Abad, Carmencita P. "The Implementation of Bilingual Education in Grade III in Danao City Schools," Di - nalathalang tesis sa Master, University of the Visayas, Cebu City, August, 1979.

Ballesteros, Vidalia. "Kinalabasan ng Edukasyong Bilingwal sa Kakayahan ng mga Mag-aaral ng Elementarya sa Distrito ng Kanlurang Dumalinao, Sangay ng Zamboanga del Sur."Di - nalathalang tesis sa Master, Cebu Roosevelt Memorial College, Bogo, Cebu, 1979.

Bartolome, Rosario M. "Ang Bisa ng Phono-Visual-Aid-Sound Blending-Meaning sa Pagdulog sa Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa Unang

Baitang ng mga Mag-aaral sa Waray," Di-nalathalang Disertasyon, Divine Word University, Tacloban City, 1983.

Castillo, Emma. et. al. "A Study of the Roles of Aptitude, Attitude and Motivation in Second Language Acquisition," Di-nalathalang tesis sa master, PNC, Manila, 1969.

24. Mula sa F sa linyang AF sukatin ang 1/3 na lapad ng trungsal at markahan itong R. Gumamit ng panghubog ng balakang at pagdugtungin ang R at D para mabuo ang linya ng balakang.

25. Mula sa Q sa linyang QF sukatin ang 2/3 lapad ng trungsal at markahan itong S, P, at Q para mabuo ang SPQ.



<u>Paraan sa Paggawa ng Batayang Padron ng Manggas</u>

AB = sukat sa haba ng manggas

AC = sukat sa "cap" ng manggas

AD = 1/2 na sukat ng dakong itaas ng braso + 1"

CE at BF = AD

BG = 1/2 na sukat ng dakong ibaba ng braso o mas maliit ng 1" sa CE

1. Paghatiin ang AE ng apat na magkaparehong bahagi at markahan itong H, I, J.

2. Mula sa H sumukat pataas mga 3/4" at markahan itong K.

3. Mula sa J sumukat ng 1/2" pababa at markahan itong L.

4. Pagdugtungin ang K, I, L, E ng "French curve" sa pagbuo ng harapang butas ng braso (armseye).

5. Kunin ang 1/2 na sukat ng HK at JL at markahan itong M at N.




MANGGAS

6. Pagdugtungin ang A, M, I, N at E na ginamitan ng "French Curve" sa pagbuo ng likurang butas ng braso.

## TRUNGSAL

### Kahulugan ng Trungsal

1. Ang trungsal ay isang maigsing tahi na nag-dudugtong ng dalawang tela saang ang V na hugis ang tinahi o tinabas.

2. Ang trungsal ay tinupi at tinahing tela na nagbibigay ng hugis sa damit. Ito'y malapad sa isang dulo at pakipot sa kabilang dulo. Maaari rin itong malapad sa gitna at pakipot sa magkabilang dulo.

### Trungsal Pangkontrol sa Katawan

Ang bloke ng katawan ay isang batayang kasuotan na tinabas para sundin ang bilog na hugis ng katawan. Para lumapat sa katawan ang blokeng ito, kailagan mayroon itong trungsal o iba pang kontrol upang isaalang-alang ang kalamnan ng dibdib at ang maliit na sukat ng baywang.

### Mga Gamit ng Trungsal

1. Pangkontrol sa kalamnan ng Katawan.

Ang bawat batayang padron ay mayroon batayang trungsal na pangkontrol sa mga umbok ng katawan.

a. Ang harapang katawan ay mayroon bata-

yang trungsal na mangangalaga sa kalamnan ng dibdib (suso).

b. Ang likurang katawan ay mayroon batayang trungsal na mangangalaga sa kalamnan ng matulis na buto sa likod.

c. Ang harapang palda ay mayroon batayang trungsal na mangangalaga sa kalamnan ng tiyan.

d. Ang likurang palda ay mayroon batayang trungsal na mangangalaga sa kalamnan ng pigi.

e. Ang padron ng mahabang manggas ay mayroon batayang trungsal na mangangalaga sa kalamnan ng siko.

2. Pangdekorasyon

Ang batayang trungsal ng katawan at palda ay karaniwan nasa baywang. Kung ang disenyo ng damit ay hindi magpapakita sa kagandahan ng trungsal, maaari mo itong ilipat sa ibang posisyon o maaari rin itong hatiin sa dalawa o mas higit pa na hindi maiiba ang lapat ng damit. May pagkakataon na kailangan mong ilipat ang disenyo o estilo ng damit. Tinatawag na "paglilipat ng trungsal" ang gawang pag-iiba-iba

sa posisyon ng trungsal.

Paghati ng Trungsal

1. Tinatahi ang trungsal na malapad sa isang dulo at patulis sa kabilang dulo.

2. Sa mga manipis na tela, and trungsal ay hindi tinatabasan, ito'y idinidiin sa iisang tabi.

3. Sa mga makapal na tela, ito ay tinatabasan ng malapad, idinidiin ng pabukas ang mga gilid at tinatahian ito ng makina o kamay.

4. Iba't ibang direksyon ang maaaring takbuhan ng trungsal, puwedeng pahalang, patayo o pahilig.

5. Karaniwan tinatahi ang trungsal sa loob ng damit. Pero maaari ring sa labas kung pangdekorasyon.

6. Ididiin ang patayong trungsal sa bandang gitna ng damit.

7. Maaaring tabasan ang maluwag na trungsal at tatapusan ng simpleng tahi.

Uri ng Trungsal

1. Pileges na trungsal - tahi sa isang dulo at bukas sa kabilang dulo.

2. Patulis na pileges - malapad sa isang dulo at patulis sa kabilang dulo.

Trungsal Gibson - bukas sa isang dulo, pababang

pileges galing sa may balikat.

3. Trungsal na malapad sa gitna at patulis sa magkabilang dulo.

4. French na Trungsal - trungsal mula sa may balikat o sa braso hanggang sa laylayan.

Mga Ginawang Huwarang/Modelong Trungsal

1. Tuwid na tahi sa labas ng damit at magkakapantay ang agwat hangga't maaari.

2. Walang umbok at tumutulis nang banayad ang mga dulo.

3. Ang trungsal sa kaliwa ay kapantay sa kanan.

4. Ang mga dulo ay hindi matatastas.

Dalawang Paraan sa Paglilipat ng Batayang Trungsal

1. Paikot na Paraan

2. Pahiwa at pabukang Paraan

Pamamaraan

I. Ilipat sa balikat ang batayang trungsal sa baywang.

1) Markahan ng J ang gitna ng balikat

2) Markahan ang padron ayon sa nakikita sa unang pigura.

3) Bakasin ang padron mula LABCDJ.

4) Ikutin ang padron para magsalubong ang linyang IA at IM.




5) Markahan ang padron mula sa HGFI-J.

6) Ang trungsal sa balikat ay mas magandang tingnan sa katawan kung ito'y mga 3/4" ng suso. Markahan itong K.

7) Itupi ang trungsal patungong leeg at tabasin ang balikat habang nakatupi pa ito para makuha ang tamang hugis nito sa may balikat. Ipinakikita ito sa ikalawang pigura.

8) Linyahan ang J, K, J, at K para mabuo ang trungsal.

II. Paglilipat ng trungsal sa tagiliran galing sa baywang.

1) Markahan ang harapang batayang padron ayon sa nakikita sa unang pigura.

2) Markahan ng J ang nagustuhan mong posisyong ng trungsal sa may tagiliran.

3) Bakasin ang batayang padron mula I sa linyang IABC, palikong CD, linyang DE, palikong EF, linyang FJ.




4) Paikutin ang padron para magsalubong ang linyang IA at IH.

5) Bakasin ang padron mula H, sa linyang HG at GJ.

6) Itupi ang trungsal patungong baywang. Sikaping matapat ang J sa J' at bakasin ang tahi sa tagiliran.

7) Gumuhit ng tuwid na linya mula J, I at J'. Ang ikalawang pigura ang tapos na padron.

III. Ilipat ang batayang trungsal sa dakong leeg.



1) Paghatiin ang lokasyon ng trungsal sa dakong leeg markahan itong J.

2) Bakasin ang padron mula sa I, linyang IA, linyang AB, linyang BC, at palikong CJ.

3) Paikutin ang padron para matapat ang linyang AI sa linyang IH.

4) Bakasin ang padron mula H, sa linyang HB, linyang GF, palikong FE, linyang BD at palikong DJ.

5) Mas mabuting tingnan ang trungsal kung matatagpuan 3/4" sa ibabaw ng suso. Markahan itong K.

6) Itupi ang trungsal patungong gitnang harapan. Pagsalubungin ang J at J' at saka bakasin.

7) Pagkabitin ng tuwid na linya ang J, K at J'. Ang pangalawang pigura ang tapos na padron.

IV. Ilipat ang Batayang Trungsal sa may Braso.



V. Paghahati ng Trungsal sa Baywang sa pagitan ng Baywang at Tagiliran.




Sa pangkalahatan mas maganda ang lapat sa katawan ng damit na gumagamit ng trungsal sa tagiliran na ang haba ay 2-1/2" lamang. Mas maganda pa rin ang lapat kung ang lapad ng trungsal ay hahatiin sa dalawa o tatlong mabababaw na trungsal. Maaaring makakuha ng tamang trungsal mula sa iisang trungsal na 3/4" ang layo sa dulo ng suso. Pero, para magawa ito, kinakailangan ilagay ang trungsal malapit sa baywang o sa tagiliran. Mas magaling kung ang trungsal sa baywang ay mas malapad kaysa sa tagiliran.

VI. Paghahati ng Batayang Trungsal sa Pagitan ng Baywang at Balikat.

Hindi magbibigay ng magandang lapat ang dalawang trungsal na medyo malapit magsalubong sa dulo ng suso. Ang pagtabas ng padron

ng dalawang piraso ay tinatawag na panreynang katawan o "princess bodice". Sundin ang tul-







dok na linya sa pagtabas. Ang sobrang tela ay panlambot sa tuktok ng suso at tatahiin naman ang dalawa pang piraso.

VII. Ang paghahati ng Batayang Trungsal sa pagitan ng Balikat at Tagiliran.







VIII. Ang Paghahati ng Batayang Trungsal sa Pagitan ng Baywang at Braso.






IX. Paghahati ng Batayang Trungsal sa Pagitan ng Baywang at Leeg.




X. Paghahati ng Batayang Trungsal sa Baywang sa Dalawa.




Medyo pantay ang pagitan ng trungsal sa may dulo kaysa sa puno. Ang trungsal ay puweding hindi tahiin. Maaari mong iwasan ang kalamnan ng trungsal sa pamamagitan ng pagtahi ng mga pileges para makuha ang malambot at blusang labas o epekto. Ibuhos ang atensiyon sa kalamnan ng dibdib. Kung gusto mo ng kalamnan sa balikat o sa leeg, ilipat mo lang dito ang batayang trungsal. Dalawa o higit pa ang magagawang trungsal sa tagiliran, balikat, baywang o gitnang harapan.

Itahi muna ang batayang trungsal sa gustong kalagayan bago hatiin sa marami. Ang trungsal ay maaaring ilipat sa iba't ibang bahagi ng katawan na hindi magbabago ang lapat kung ang pamaraan ay sunding mabuti. Iba't ibang estilo ng katawan ay makukuha sa pamamagitan ng paglilipat at pagtatahi ng batayang trungsal sa baywang.

Talasanggunian:


Baldt, Lawa. Clothing for Women. Chicago, JB Llopicatt Co. C. 1941.

Carson, Bertha. How You Look and Dress.

Hillhouse and Mansfield. Dress Design Drafting and Flat Pattern Making.

Home Economics Association, Unit Method of Sewing.

Manzarate, Freddie M. Basic Dressmaking Pattern-Making. Philippine Copyright 1967.

Panter, Justin Rust, Our Clothing.

Tedd Elizabeth. Clothes for Girls

Tanous, Helen. Designing Your Own Dress.

KARAGDAGANG DAHON M

PAKSANG-ARALIN

IKALAWANG TAON

PANGKAT KONTROL

# Foundation Pattern

A foundation pattern also known as a block pattern, a master pattern, a basic pattern or a slopper, is a perfectly plain pattern made without seam or hem allowances. It is never used as a pattern for cutting a fabric or garment. It is used only as a foundation for constructing and developing designed patterns.

It is simple with only one control dart and no other construction details. A foundation pattern can be made by draping on forms and figures, by drafting from body measurements or by modifying patterns on hand. It consists of five basic parts:

a. front bodice
b. back bodice
c. sleeve
d. front skirt
e. back skirt

## How to Take Body Measurement Needed In Drafting The Foundation Pattern:

A. Front and Back Bodice

1. Shoulder point width - taken fron one shoulder tip to the other shoulder tip over the nape of the neck.

2. Bust measurement - is taken around the fullest part of the bust with the tape measure passing over

the bust point and over the shoulder blade bone at the back.

3. Waist measurement - taken around the smallest part of the figure, the true waistline.

4. Chest measurement - taken from one arm joint to the other arm joint four inches below the shoulder tip.

5. Full bodice length or front figure - taken from the neck shoulder point with the tape passing over the bust point down to the waistline.

6. Apex (bust) height - is taken from the neck shoulder point down to the bust point.

7. Apex (bust) distance - is taken from one apex point to the other apex point.

8. Shoulder blades height - is taken from the neck shoulder point down to the shoulder blade point at the back.

9. Shoulder blades distance - is taken from one shoulder blade point to the other blade bone at the back.

10. Sleeve length - is taken from the shoulder tip down to the desired length.

11. Sleeve cap - taken from the shoulder tip down

inline with the armpit.

12. Upper arm girth - is taken around the fullest part of the arm.

13. Lower arm girth - is taken around the smallest part of the arm with the sleeve length.

14. Hip measurement - is taken around the fullest part of the hip.

15. Hip depth - is taken 5" to 6" below the waist-line.

Dimensions

Front Bodice

AB = FBL - full bodice length

AC = 3"

AD = 1/2 shl. pt. w. meas.

AR = 1/2 chest meas.

AF = 1/2 bust meas. 1/2"

DG = 1" to 1-1/2"

GH = SW

GI = 4"

BJ = AF

GK = 6" to 6-1/2"

AL = apex height

LM = 1/2 apex distance




F R O N T

BN = 1/2 lesser than LM

BNOJ = 1/2 waist meas.

NO = width of the dart

JP = 1/2"

Back Bodice

AB = PBL

AC = 1"

AD = 1/2 shl. pt. w. meas.

AE = 1/2 bust meas.

DG = 1" to 1-1/2"

AH = 3" to 3-1/2"

GI = 4"

BJ = AF

CK = 6" to 6-1/2"

AL = shl. blade height meas.

LM = 1/2" shl. blade dist.

BN = 1/2 lesser than LM

BNOJ = 1/2 waist meas.

NO = width of the dart

JP = 1/2"




B A C K

## Procedure in Drafting the Skirt Foundation Pattern

1. Make construction line AB which is equal to back skirt length.
2. From point A measure downward equal to hip depth measurement and mark it point C.
3. From point C on line AB draw a perpendicular line equal to 1/2 of the hip measurement and mark it point D.
4. From point B draw a perpendicular line and measure a distance equal to CD and mark it point E.
5. From point A draw a parallel line equal to CD and mark it point F.
6. Connect points FDE with a straight line.
7. Prolong line CD equal to 1/2 hip measurement and mark it point H.
8. Prolong line AF equal to DH and mark it point G.
9. Prolong line BE equal to line DM and mark it point I.

10. Connect points GKI with a straight line.

11. On point G measure down equal to 1/2 inch and mark it point J. Connect point J to F with a curve line.

12. On line GHI working from point J layout a distance equal to the front skirt length and mark it point K.

13. Connect point K to point E with a curve line using the hip curve.

14. From point H to line HD measure 1/2 of the apex distance and mark it point L.

15. From point J on the curve line JF measure 1/2 of the apex distance minus 1/2 inch and mark it point M.

16. Measure line JF and subtract 1/2 of the waist measurement to set the width of the dart

17. From point F on line GF measure 1/2 of the width of the dart and mark it point N. From point M measure the other half of the width of the dart which is equal to NP and mark it point O.

18. Connect point M to L to point O to form MLO.

19. With the use of hip curve, connect M to D to form the hip line curve.

20. From point C on line CD measure equal to 1/2

shoulder blades distance and mark it point P.

21. From point A on line AF measure 1/2 of shoulder blades distance minus 1/2 inch and mark it point Q. Connect point Q to point P with a straight line.

22. Measure line AF and subtract from its length equal 1/4 waist measurement to get the width of the dart.

23. Divide the width of the dart into 3 equal parts.

24. From point F on line AF measure 1/3 of the width of the dart and mark it point H. With the use of hip curve, connect R to D to form hipline.



25. From point Q on line QP measure 2/3 of the width of the dart and mark it point S. Connect point S to point P with a straight line to form dart SPQ.

Procedure in Drafting the Sleeve Foundation Pattern

AB = Sleeve length measurement

AC = sleeve cap measurement

AD = 1/2 upper arm girth measurement + 1.

CE and BF = AD

BG = 1/2 lower arm girth measurement or 1" lesser than CE

1. Divide AE into 4 equal parts and mark points H, I, J.

2. From point H measure upward 3/4" and mark point K.




SLEEVE

3. From point J measure downward 1/2" and mark it point L.
4. Connect points K, I, L, E with a "french curve" to form the front armeye.
5. Get 1/2 of HK and JL and mark points M and N.
6. Connect points A, M, I, N and E with the use of a french curve to form the armeye

## DARTS

### Definition of Darts

1. Dart - is a short seam bringing together the edges of the fabric where a V-shape piece has been cut or sewed.
2. Dart - is a fold of material stitched to give shape to the garment, wide at one end and coming to a point at the other end. Dart may also be wide at the middle and may taper at both ends.

### Dart Control in the Bodice

The bodice block is a foundation garment cut to conform to the rounded shape of the upper torso. In order that the block will fit the form it must have either a dart or some other control, to allow for the fullness of the bust and the proportionally smaller size of the waist.

## Uses of Darts

1. Use to control fullness of the body.

   Each basic pattern has a basic dart to control body bulges.

   a. the front bodice has a basic dart to take care of the fullness of the bust.
   b. the back bodice has a basic dart to take care of the fullness of the blade bone of the back.
   c. the front skirt pattern has a basic dart to take care of the fullness of the abdomen.
   d. the back skirt has a basic dart to take care of the fullness of the buttocks.
   e. the long sleeve pattern has a basic dart to take care of the fullness of the elbow.

2. For Decoration

   The basic dart of the bodice and skirt is usually at the waist. If the dress design is such that the dart would not look good, then one can move the dart to another position, to any dart of the pattern, or one can divide the basic dart into two or more darts without altering the fitting of the garment. It is sometimes necessary to move the dart from one position to another in order to change

the design or style of the garment. The moving of the basic dart is called swinging the dart.

Sewing of Darts

1. Darts are sewed wide at one end and tapering to a point at the other end.

2. In light or thin materials a dart is left uncut and is pressed toward one side.

3. In heavy or thick materials it is cut open, the edges pressed open and finished the edges with hand stitches or zigzag machine stitches.

4. Darts may be made to run in any direction, horizontally, vertically or diagonally.

5. Darts are usually sewed on the wrong side of the garment, but they may be made on the right side for decoration.

6. Vertical darts should be pressed toward the center of the garment.

7. Wide dart may be trimmed or cut to a seams width and then finished like a plain seam.

Kinds of Darts

1. Dart tuck - dart stitch on one end or open end dart.

Gibson dart - open end dart, a pleat extending down from other edges or shoulder seam.

2. Tapered tuck - wide at one end and come to a point at the other end.

3. Dart wide in the middle and come to an end at both ends.

4. French dart - darts from the shoulder seam or armseye seem down to the hemline. This is used in princess cut dress or jacket.

Well-made Standard Darts

1. Appear in the right side of the straight seam, evenly spaced if more than one.

2. The ends do not bulge but taper gradually to a point.

3. The dart on the left side should match the dart on the right side.

4. The points never rip or ravel out.

Two Methods in Swinging the Basic Dart

1. Pivot method

2. Slash and spread method

Procedure

I. Swing the basic dart from waist to shoulder

   1. Mark the approximate center of the shoulder, mark it point J.

2. Mark the pattern as illustrated in figure I.

3. Trace the pattern from IABCDJ.

4. Pivot the pattern such the line IA and IH will meet.




5. Mark the pattern from point HGFI-J

6. A shoulder darts look better on the figure if it ends about 3/4" above the normal bust point. So measure up from pt. I 3/4". Mark it point K.

7. Fold the dart toward the neckline and cut the shoulder while the dart is folded. This is to establish the correct shape of the dart at the shoulder. Figure II is the finished pattern.

8. Draw a line from J to point K to form a dart.

II. Swinging the waist dart to the underarm seam

1. Mark the front basic pattern as illustrated.

3. Trace the foundation pattern from pt. I along line IABC, curve CD, line DE, curve EF, line FJ.




4. Swing or pivot the pattern such the line IH will coincide.

5. Trace the pattern from pt. H along line HG to line GJ.

6. Fold the dart towards the waist, let pt. J and pt. J' coincide and trace the underarm dart.

7. Draw a straight line from J to pt. I and to pt. J'. Figure III is the finished pattern.

III. Swing the basic dart to the neckline



1. Divide the location of the dart at the neckline and mark it pt. J.
2. Trace the pattern from pt. I through line IA, line AB, line BC, curve CJ.
3. Pivot or swing the pattern such that line IA and line IH will coincide.
4. Trace the pattern from pt. H along line HB, line GF, curve FE, line ED and curve DJ.
5. The dart will look better in the figure if it ends 3/4" above the normal pt. Mark it pt. K.
6. Fold the dart towards the centerfront. Let pt. J and pt. J' meet and trace the pattern.
7. Draw straight line from pt. J to pt. K and pt. J'. Figure 2 is the finished pattern.

IV. Swing the basic waist dart to the armseye



V. Dividing the waistdart between the waist and underarm dart







In general the bodice which uses side darts for control will be more smoothly fitted if the side dart or underarm dart is only about 2-1/2" in length, the fit will still be better if the width of the dart is divided into two or three shallow darts. It is possible to obtain a perfect dart with a single dart which is about 3/4" away from the actual bust point, but to do so you need to place the dart nearer the waist or lower on the side seam. It would be better if the waist dart is bigger than the underarm dart.

VI. Dividing the basic dart between the waist and the shoulder






Two darts that almost, but not quite meet at the bust point would give a very poor fit. Cutting the pattern into two pieces will give what is known as princess bodice cut as indicated by the dotted lines in the pattern, the excess material to soften the bust point and the two pieces will be seamed back together.

VII. Dividing the basic dart between the shoulder and the underarm dart.




VIII. Dividing the basic dart between the waist and the armseye.



IX. Dividing the basic dart between the waist and the neckline.




X. Dividing the waist dart into two darts.




The space between dart should be a little quarter at the point than at the base. A dart does not necessarily have to be sewn together. You may wish to release the fullness of the dart by sewing it with gathers or pleats in order to achieve a soft and bloused effect. Care should be concentrated on the fullness of the bust. If fullness is desired on the shoulders or on the neckhole, the basic waist dart has to be transferred to the shoulder or neckhole. Two or more darts could be made on the underarm

shoulder, waistline or centerfront. Sew first the basic dart to the desired location of the dart before dividing it into several darts. Dart can be transferred to any part of the bodice without altering the fitting of the bodice if such procedure is skillfully and carefully done. Different styles in the bodice could be achieved by applying the method of swinging and dividing the basic waist dart.

References:

Baldt, Lawa. Clothing for Women. Chicago, JB Llopicatt, Co., C. 1941.

Carson, Bertha. How You Look and Dress?

Millhouse and Wansfield. Dress Design Drafting and Flat Pattern Making

Home Economics Association, Unit Method of Sewing.

Panter, Justin Rust, Our Clothing.

Tanous, Helen. Designing Your Own Dress.

Tedd Elizabeth. Clothes for Girls.

KARAGDAGANG DAHON N

Talahanayan ng Nilalaman ng Pagsusulit

sa Sariling Pili (Pananahi) III

| Mga Layunin/Kasanayan | Dami ng Aytem | Bahagdan ng Aytem |
|---|---|---|
| 1. Pagbabago sa Padron | 55 | 85% |
| a. Nakikita ang pagkakamali sa padron - - - - - - - - - - - | 24 | 37% |
| b. Naiwawasto ang kamalian sa padron - - - - - - - - - - - | 24 | 37% |
| c. Nakagagawa ng tamang padron - | 7 | 11% |
| 2. Pagpapares | 4 | 6% |
| a. Nakapagpapares nang mahusay ng plaids at may guhit na damit- | 4 | |
| 3. Pagtabas | 2 | 3% |
| a. Nasusunod ang tamang paraan sa pagtabas - - - - - - - - - - | 2 | |
| 4. Pagtahi | 4 | 6% |
| a. Nasusunod ang paraan sa pagtatahi - - - - - - - - - - | 4 | |
| Kabuuan | 65 | 100% |

KARAGDAGANG DAHON Ñ

UNANG PAGSUBOK/HULING PAGSUBOK

IKATLONG TAON

PANGKAT EKSPERIMENTAL

PANGKALAHATANG PANUTO

1. Basahin nang maingat ang bahaging ito bago tumuloy sa ano mang aytem ng pagsubok.

2. Isulat ang mga impormasyong personal na kinakailangan sa iyo.

3. Sa pagsagot ng mga aytem sa Unang Pagsubok, isulat lamang ang isang salita o lipon ng mga salita na magwawasto sa pangungusap.

4. Sa pagsagot ng mga aytem sa Ikalawang Pagsubok, isulat lamang sa mga puwang ang titik ng iyong napiling sagot.

5. Sa pagsagot ng mga aytem sa Ikatlong Pagsubok, ipaliwanag sa maikling pangungusap ang mga pagbabago sa padron na kinakailangan sa bawat aytem.

6. Ang itinalagang oras sa pagsubok na ito ay 60 minuto, kaya huwag magtatagal sa iisang aytem.

7. Paalaala, HUWAG IIWANAN ANG ANO MANG AYTEM NA WALANG SAGOT.

8. Kung mayroon pa kayong itatanong pagkatapos na basahin itong pangkalahatang panuto, magtanong sa inyong iksaminador para magpaliwanag.

9. HUWAG MAG-UUMPISA HANGGA'T HINDI PINAGSASABIHAN.

Unang Pagsubok: Uring Pagpupuno

Panuto: Punan ng salita o lipon ng mga salita ang mga puwang para gawing tama ang mga pangungusap.

_________ 1. Bumili ng _______ dahil mahirap ang patipid na pagtabas ng may guhit at "Plaids".

_________ 2. Ang _______ na disenyo ay nagbibigay ng pahapay-hapay na epekto.

_________ 3. Pagtambalin ang "Plaids" at _______ upang magkaroon ng diretsong linya sa magkabilang pagtatahian o magsalubong sa magkaparehong gilid.

_________ 4. Itupi ang tela para _______ ang disenyo sa dalawang patong.

_________ 5. Gamitin ang kapareha ng padron na gabay para sa iyong _______.

_________ 6. Ang _______ ay dapat na kapantay sa linya ng dibdib at balakang.

_________ 7. Bumili ng _______ na magiging katugma sa pagtatahian.

_________ 8. Upang maging kapantay ng dibdib at balakang ang pahalang na guhit _______ ay dapat ikalat sa itaas at ibaba nito.

_________ 9. Sa pagpapatong ng padron, ipantay sa pagtatahian at hindi sa gilid ng _______.

_________ 10. Pagkatapos gawin ang pagbabago, sukatin ang _______ para matiyak ang kawastuhan.

Ikalawang Pagsubok. Uring Pagpipili

Panuto: Pumili ng pinakamabuting sagot sa loob ng panaklong. Isulat lamang ang titik ng iyong napiling sagot sa puwang.

_______ 1. Sa pagpapahaba ng katawan, laslasin ang harapan at likurang katawan sa itaas ng (a. dibdib, b. balakang, c. baywang).

_______ 2. Ang pagtaas ng trungsal sa dibdib para sa may mataas na dibdib at karaniwang haba ng katawan, itupi at gawing (a. trungsal, b. pileges) ang kinakailangan ipatataas.

_______ 3. Ang pagbaba ng trungsal para sa may mababang dibdib at karaniwang haba ng katawan: itupi at gawing pileges ang magkabilaan ng padron sa ibaba ng trungsal sa (a. balakang, b. baywang, c. dibdib) ang kinakailangang ipababa sa trungsal.

_______ 4. Upang palakhan ang harapang katawan para sa may malaking dibdib, mag-umpisa sa gitna ng trungsal sa baywang at laslasin (a. patayo, b. pahalang, c. pahilig) tungo sa pinagsasalubungan.

_______ 5. Pagkatapos, maglaslas nang (a. pahilig, b. patayo, c. pahalang) papuntang braso malapit sa kutab.

_______ 6. Gumawa ng panibagong (a. trungsal sa tagiliran, b. trungsal sa baywang, c. trungsal sa balikat) at panibagong pagtatahian para sa trungsal.

_______ 7. Para bawasan ang harapang katawan ng may maliit na dibdib, hanapin ang dulo ng (a. matulis na buto sa likod, b. dibdib, c. balikat) sa pagpapalawit ng gitnang linya ng trungsal sa tagiliran at baywang upang magsalubong.

_______ 8. Upang baguhin ang likurang katawan sa kabilaan ng dakong itaas: sa linyang

(a. kahilera, b. pahalang, c. pahilig) sa gitnang likod, laslasin mula baywang tungo sa balikat mga 1-1/2 hanggang 2 pulgadas mula sa braso.

________ 9. Ang pagbabago ng likurang katawan sa kabilaan ng dakong itaas: iwasto ang tahi sa (a. balakang, b. baywang, c. tagiliran) sa pagguhit ng panibagong tagiliran ng baywang.

________10. Upang baguhin ang likurang katawan sa kabilaan ng dakong itaas: bawasan ang likurang katawan sa pagsasanib ng (a. pahilig na linaslas, b. pahalang na linaslas, c. patayong linaslas).

________11. Ang pagpapaikili ng palda: itupi ang padron sa isang kahilerang linya at dalhin sa pangalawa, panatilihin ang linyang hibla sa (a. tuwid na linya, b. pahilig na linya, c. kurbang linya).

________12. Sa pagpapaikli ng palda: iwasto ang pagtatahian sa pamamagitan ng pagguhit ng matuwid na linya mula sa malaman na bahagi ng balakang papuntang, (a. baywang, b. balakang, c. laylayan).

________13. Upang palakhan ang baywang ng katawan, ikalat ng 1/4 sa kinakailangan. Kung ang buong ipapalaki ay mahigit sa dalawang pulgada, mas makabubuti na bawasan ang lapad ng trung sal sa (a. dibdib, b. baywang, c. balakang) para pumantay sa ipinal ki ng baywang,

________14. Ang pagpapalaki sa baywang ng palda: magumpisa ng mga 2 pulgada mula sa tagiliran ng baywang, laslasin nang (a. pahilig, b. patayo, c. pahalang) papunta sa balakang malapit sa kutab.

________15. Ang "plaids" ay dapat pumantay sa (a. laylayan, b. balikat, c. pinagtahian) nang pahalang at pati na rin patayo kung maaari.

---

Ikatlong Pagsubok. Uring Sanaysay.

Panuto: Ipaliwanag sa maikling pangungusap ang mga sumusunod na pagbabago sa padron.

A. Ang pagpapahaba sa katawan (8 puntos).

B. Ang pagpapahaba ng trungsal sa dibdib para sa may mababang dibdib at karaniwan haba ng katawan (8 puntos).

C. Ang pagbabago para sa talibis (mababa) na balikat (8 puntos).

D. Ang pagpahaba ng balikat (8 puntos).

E. Ang pagpaikli ng balikat (8 puntos).

KARAGDAGANG DAHON NG

UNANG PAGSUBOK/HULING PAGSUBOK

IKATLONG TAON

PANGKAT KONTROL

# GENERAL DIRECTIONS

1. Read this portion carefully before proceeding to answer any items in the test.
2. Fill out the personal information required of you in the test paper.
3. In answering each item in Test I, write a word or group of words that will make the statement correct or complete.
4. In answering each item in Test II, write only the letter of your choice on the blanks before the number.
5. In answering each item in Test III, explain briefly the pattern alteration needed in each number.
6. The time allotment to this examination is 60 minutes, so do not stay long in each item.
7. Remember, DO NOT LEAVE ANY ITEM BLANK.
8. Should you have any question after reading this general direction, ask your examiner for clarication.
9. DO NOT START UNTIL YOU ARE TOLD TO DO SO.

Test I. Completion Type.

Direction: Fill in the blanks with a word or group of words that will make the statement correct or complete.

_________ 1. Buy _____ because it is difficult to cut stripes and plaids economically.

_________ 2. Design that are _____ give a tipsy effect.

_________ 3. Match plaids and _____ to form continuous line across seam to meet at equal edges.

_________ 4. Fold the cloth so that design _____ on the two layers.

_________ 5. Use the match of the pattern as your guide for your _____.

_________ 6. _____ should be level at bustline and hipline.

_________ 7. Choose a _____ that gives precise matching on seamlines.

_________ 8. To make crosswise stripes level with the bust and hip _____ should be distributed above and below.

_________ 9 In laying out the pattern, match on seam- and not the edge of the _____.

_________ 10. After the alteration is completed, measure the _____ to check accuracy of the alteration.

Test II. Selection Type.

Direction: Select the best answer inside the parenthesis. Write only the letter before the number.

_____ 1. To lengthen bodice: slash both front and back bodice patterns above (a. bustline, b. hipline, c. waistline).

_____ 2. To raise bustline darts for high bust and normal bodice length: fold and secure into a pleat a (a. dart, b. pleat, c. gathers) the amount of dart to be raised.

_____ 3. To lower bustline darts for low bust and normal bodice length: fold and secure into a pleat across pattern below (a. hipline dart, b. waistline dart, c. bustline dart), the amount of dart to be lowered.

_____ 4. To increase bodice front for full bust: start at center of waistline dart and slash (a. vertically, b. horizontally, c. diagonally) to point of intersection.

_____ 5. Then, (a. horizontally, b. diagonally, c. vertically) to a point on armhole seamline near notch.

_____ 6. Make new (a. underarm dart, b. waistline dart, c. shoulder dart) point and redraw dart stitching lines.

_____ 7. To decrease bodice front for small bust: locate tip of (a. blade bone, b. bust, c. shoulder tip) by extending centerline of both underarm and waistline darts to point of intersection.

_____ 8. To alter bodice back across upper back: on a line (a. parallel, b. horizontal, c. diagonal) to center back, slash from waistline to a point on shoulder seamline 1-1/2 to 2 inches from armhole.

______ 9. To alter bodice back across upper back: correct the (a. hipline seam, b. waistline seam, c. side seams) by redrawing side section of waistline.

______ 10. To alter bodice back across upper back: decrease bodice back by lapping (a. diagonal slash, b. horizontal slash, c. vertical slash).

______ 11. To shorten skirt: fold pattern on one parallel line and bring it to other line, keeping grainline marking in a (a. straight line, b. diagonal line, c. curve line).

______ 12. To shorten skirt: correct the seamlines by drawing a straight line from fullest part of hip to (a. waistline, b. hipline, c. hemline).

______ 13. To increase waistline of bodice: spread at a 1/4 the needed amount. If total increase is more than 2 inches, it may be preferable to decrease width of (a. hipline darts, b. bustline darts, c. waistline darts) for balance of waistline increase.

______ 14. To increase waistline of skirt: start on waistline at a point 2 inches from side seam, slash (a. diagonally, b. vertically, c. horizontally) to side seam line near hipline notch.

______ 15. Plaid should match at (a. hemline, b. shoulderline, c. seamline) horizontally, if possible vertically.

---

Test III. Essay Type.

Direction: Explain briefly the following pattern alteration.

A. To lengthen bodice (8 pts.).

B. To lower bustline darts for low bust and normal bodice length (8 pts.)

C. To alter for sloping shoulders (8 pts.).

D. To lengthen shoulder seam (8 pts.).

E. To shorten shoulder seam (8 pts.).

KARAGDAGANG DAHON O

PAKSANG - ARALIN

IKATLONG TAON

PANGKAT EKSPERIMENTAL

# PAGBABAGO SA PADRON

## Pangkalahatang Gabay at Pag-iingat Para sa Pagbabago ng Padron

Itong pangkalahatang gabay ay tumutukoy sa lahat na pagbabago sa padron.

1. Alagaan ang guhit-balangkas kung maaari.
2. Panatilihin ang orihinal na hiblang linya.
3. Panatilihin ang batayang disenyo ng padron sa pamamagitan ng paggawa ng pagbabago sa pagitan ng trungsal at panlabas na gilid kung maaari.
4. Sa pagbabago ng mga karatig na gilid tulad sa pinagtahian ng katawan, alagaan ang sukat pangkahabaan.
5. Pagkatapos ng pagbabago, sukatin ang padron para matiyak ang kawastuhan ng pagbabago.
6. Kung ang paraang tiklop ang gagamitin sa pagbawas, ang tiniklop na pileges ay kailangang kalahati (1/2) sa ibabawas.

## Mga Pagbabago sa Padron Para sa Karaniwang Suliranin ng Paglalapat

### Pagpahaba o Pagpaikli ng Katawan

#### Ang Pagpahaba ng Katawan

1. Tastasin ang harapan at likurang katawan ng padron sa itaas ng baywang (a hanggang b sa Fig. 5-1).
2. Ikalat ang padron sa kabuuang kinakailangan na idadagdag sa haba.
3. Iwasto ang tahi sa tagiliran sa pamamagitan ng paglagay ng trungsal at pagguhit ng linya mula braso hanggang baywang.
4. Iwasto ang tahi ng trungsal sa baywang.

#### Ang Pagpaikli ng Katawan

1. Gumuhit ng magkahilerang linya sa kabilaan

ng harapan at likurang katawan ng padron, sa itaas ng baywang at patayo sa marka ng hiblang linya. Ang agwat ng magkahilerang linya ay katumbas sa ipaiikli sa katawan.

2. Itupi at gawing pileges ang ipaiikli (a hanggang b sa Pig. 5.2).
3. Iwasto ang tahi sa tagiliran sa paggawa ng trungsal at pagguhit ng bagong pagtatahian mula braso hanggang baywang.
4. Iwasto ang tahi ng trungsal sa baywang.

## Paglilipat ng Trungsal para sa may Mataas o Mababang Dibdib

### Ang Pagtataas ng Trungsal Para sa May Mataas na Dibdib at Katamtamang Haba ng Katawan

1. Itupi at gawing pileges ang ipatataas sa trungsal (a hanggang b sa pig. 5.5).
2. Magtastas sa kabilaan ng padron, sa ibaba ng trungsal, patayo sa gitnang linya.
3. Ikalat ang tinastas (c hanggang d) na parehong lapad sa ginawang pileges sa itaas ng trungsal. Maisasauli nito ang orihinal na haba ng padron.
4. Iwasto ang tahi sa tagiliran sa pamamagitan ng paggawa ng trungsal at pagguhit ng panibagong tahian mula sa braso hanggang baywang.
5. Gumuhit ng panibagong linya para sa trungsal ng baywang (e sa Pig. 5.5).

### Ang Pagbaba ng Trungsal sa Dibdib Para sa May Mababang Dibdib at Katamtamang Haba ng Katawan

1. Itupi at gawing pileges sa magkabilang padron, sa ibaba ng trungsal sa dibdib ang ipababa sa trungsal (a hanggang b sa pig. 5-6).
2. Tastasin at ikalat ang padron sa itaas ng trungsal (c hanggang d) nang patayo sa gitnang linya. Ang ikinalat ay katumbas sa ibinawas ng tinuping pileges.

3. Iwasto ang tahi sa tagiliran sa pamamagitan ng paggawa ng trungsal at paggamit ng panibagong tahian mula braso hanggang baywang.

4. Gumuhit ng panibagong linya para sa trungsal ng baywang (e sa Fig. 5.6).

## Ang Pagpalaki at Pagpaliit ng Dibdib

Ang pagbabago sa pagdagdag at pagbawas ng dibdib ay ginagawa sa harapang katawan lamang. Ang kinakailangang dagdag o bawas ay maaaring mula sa "Personal Measurement Chart" Para sa Babae. Bago umpisahan ang pagtabas, minamarapat na gumawa at maglapat muna sa katawang "muslin" mula sa binagong padron. Gamitin ang katawang "muslin" na padron o gabay para sa pagtapos ng mga binago sa padron. Ang pagdagdag sa sukat ng dibdib ay nagpapababa sa trungsal; ang pagbawas sa sukat ng dibdib ay magtataas sa trungsal.

### Ang Pagpaliit sa Harapang Katawan Para sa Maliit na Dibdib

1. Hanapin ang dulo ng dibdib sa pagpapasalubong ng pinalawit na gitnang linya ng trungsal sa tagiliran at baywang.

2. Mag-umpisa sa gitna ng trungsal sa baywang, patayong maglaslas mula sa baywang hanggang sa pinagsalubungan (intersection) (b hanggang a sa Fig. 5.9), pagkatapos pahalang na papuntang braso malapit sa kutab (c).

4. Iklip sa c ang palabis sa braso para pantay na maipatong ang padron.

5. Pag-anibin ang linaslas na mga gilid, kalahati sa kinakailangan bawas. Ipagpatuloy ang pag-anib ng katumbas sa ibinawas, sa patayong linaslas (a hanggang b). Ito ay makapag-aanib sa pahalang na linaslas at ng trungsal sa tagiliran.

6. Gumuhit ng panibagong trungsal sa baywang at panibagong linya na pagtatahian.

7. Gumuhit ng panibagong trungsal sa tagiliran at panibagong linya na pagtatahian.

8. Iwasto ang linya ng baywang sa pamamagitan ng pagtupi ng trungsal at pagpaikli ng bahaging harapan mula b hanggang e, Ang maliit na dibdib ay nangangailangan ng maikling harapang katawan at maliit na trungsal sa harapan.

Ang Pagpalaki ng Harapang Katawan Para sa Malaking Dibdib.

1. Hanapin ang dulo ng dibdib sa pagpapasalubong ng pinalawit na gitnang linya ng trungsal sa tagiliran at baywang.
2. Mag-umpisa sa gitna ng trungsal sa baywang, patayong maglaslas mula sa baywang hanggang sa pinagsalubungan (b hanggang a sa Fig. 5.8), pagkatapos pahalang na papuntang braso malapit sa kutab (c).
3. Maglaslas sa gitna ng trungsal sa tagiliran, mula rito hanggang sa dibdib pero hindi aabot sa dulo (d hanggang a).
4. Iklip sa c ang palabis sa braso upang pantay na maipatong ang padron.
5. Ikalat ang kalahati ng kinakailangang dagdag at ipagpatuloy ang pagkalat ng parehong laki sa patayong linaslas (a hanggang b). Ito ay magpapakalat sa pahalang na linaslas at trungsal sa tagiliran.
6. Gumawa ng panibagong pagtatahiang linya ng trungsal dahil ang kalat sa gitna ng trungsal sa baywang ay makapaghihiwalay sa trungsal.
7. Gumawa ng panibagong trungsal sa tagiliran at panibangong linya na pagtatahian.
8. Iwasto ang baywang sa pagtupi ng trungsal at pagdagdag sa haba ng gitnang harapan mula b hanggang e. Itong pagdagdag sa haba ng katawan ay kailangan para sa malaking dibdib.

Pagbabago Ng Likurang Katawan sa Kabilaan ng Dakong Itaas

Ang pagbabagong ipinakikita sa Fig. 5.11 ay kailangan para sa malaman na balikat at malaking buto sa likod na ipinakikita sa sukat ng likod balikat sa

"Personal Measurement Chart" para sa Babae. Maaari itong makadagdag sa ginhawa sa sukat ng dibdib, pero hindi ito itinuturing na kasiya-siyang paraan sa pagpalaki ng harapang katawan. Makabubuting gumawa ng binagong katawan sa "Muslin" sa pagkuha ng tamang lapat bago tabasin ang tela.

Ang Pagbabago ng Likurang Katawan
Sa Kabilaan ng Dakong Itaas

1. Sa kahilerang linya ng gitnang likod, maglaslas mula sa baywang hanggang balikat ng 1-1/2 hanggang 2 pulgada (3.8 hanggang 5 sm.) mula sa braso (a hanggang b sa Pig. 5.11).
2. Maglaslas nang pahalang mula sa patayong linaslas papuntang braso malapit sa kutab (c hanggang d).
3. Iklip sa b at d ang palabis sa pagtatahian para maging pantay ang padron kung ipatong.
4. Sa pagpalaki ng likurang katawan, patayong ikalat ang linaslas ng kalahati sa kinakailangan sa pagsasalubungan ng pahalang na linaslas (c), pero huwag ikalat sa baywang. Ito ang magiging dahilan sa pagsanib ng mga gilid ng pahalang na linaslas at magpapaikli sa bahaging labas ng padron sa may baywang.
5. Iwasto ang baywang sa pagguhit ng panibagong pagtatahian.
6. Upang paliitan ang likurang katawan, pagsanibin ang patayong linaslas.

Pagbabago ng Likurang Katawan Para
Sa Bilog na Balikat

Kung hinihila ang braso papuntang likuran, kung mayroon mga lukot sa ibaba ng leeg sa likod, at kung masyadong maikli ang katawan sa gitnang likod (pig. 5-12a), ang padron ay maaaring baguhin para sa katawang may bilog na balikat. Sa dahilang ang pagbabagong ito ay nangangailangan nang mahirap na pag-aayos, minamabuting gumawa muna at maglapat sa katawang "Muslin" sa gagamiting padron sa pagtabas ng tela o gabay sa pagbabago ng padron.

## Ang Pagbabago ng Likurang Katawan Para sa Bilog na Balikat

1. Mag-umpisa sa isang bahagi mga 4-5 pulgadas (10-12.5 sm.) sa ibaba ng gitnang likod ng leeg, gumuhit papuntang braso sa panulukang tumpa (right angle) ng gitnang linya (a hanggang b sa Pig. 5.12b). Maglaslas sa may dibdib at hindi sa braso.
2. Iklip ang palabis ng braso sa b para maging pantay ang padron kung ipatong.
3. Mula sa gitna ng balikat, maglaslas nang pahilig papuntang dibdib, hindi sa pahalang na linaslas (c hanggang d). Kung mayroon trungsal sa balikat, maglaslas sa gitna nito.
4. Ikalat ang pahalang na linaslas mula a hanggang d na katumbas sa ipahahaba ng gitnang likod ng katawan. Ito ay ipinakikita sa "Personal Measurement Chart" Para sa Babae.
5. Isauli ang gitnang linya sa pagkakalat ng pahilig na linaslas (c hanggang d sa Pig. 5-12b).
6. Gumawa ng panibagong trungsal sa balikat upang manatili ang orihinal na haba ng balikat. Kung ang kalat ay lumilikha ng trungsal sa balikat na ang lapad ay mahigit na 1/2 pulgada (1/3 sm.), gumawa ng pangalawang trungsal o kaya'y paluwagan ito upang lumapat sa harapang balikat.

## Pagbabago sa Harapang Katawan Para Sa Makitid na Dibdib

Kung makikita ang labis na tela sa itaas ng dibdib at sa may braso, kinakailangan ang pagbabago sa padron para sa makitid na dibdib (Pig. 5-13a).

### Ang Pagpaliit ng Harapang Katawan

1. Sa kahilerang linya ng gitnang harapan at sa labas ng trungsal sa baywang, maglaslas mula sa baywang papuntang dibdib at hindi sa balikat (a hanggang b sa Pig. 5-13b).

2. Maglaslas nang pahalang mula sa patayong linaslas hanggang braso mga 3 pulgada (7.5 sm.) pababa mula sa balikat (c hanggang d sa Pig. 5-13b).

3. Iklip ang mga palabis sa pagtatahian sa b at d upang maging pantay ang padron kung ipatong.

4. Pagsanibin ang patayong linaslas ng mga 1/2 sa kinakailangang laki sa may krosing ng pahalang na linaslas (c), pero huwag pagsanibin sa may baywang. Magiging dahilan ito sa pagkalat ng mga gilid ng pahalang na linaslas.

5. Iwasto ang baywang sa pagguhit uli ng panibagong tagiliran kung kinakailangan.

Pagpapahaba at Pagpapalaki ng Tahi sa Balikat

Ang tahi sa balikat ay masyadong mahaba kung ang braso ay lumalaylay sa itaas ng bisig o kaya'y may mga lukot sa may balikat. Kung masyado namang mataas ang manggas sa balikat, ang tahi ng balikat ay masyadong maigsi. Ang sukat sa haba ng balikat sa "Personal Measurement Chart" Para sa Babae ay dapat magpakita ng mga kinakailangang pagbabago sa kahabaan ng balikat. Ang sukat ng katawan ay dapat tiyakin bago magtabas dahil mahirap ang pagwawasto ng ano mang pagkakamali sa ginawang pagbabago sa damit.

Ang Pagpahaba ng Tahi sa Balikat

1. Mag-umpisa ng mga 2 pulgada (5 sm.) mula sa gilid ng braso sa may balikat, maglaslas sa harapan at likurang padron kahilera sa gitnang likod at gitnang harap (a hanggang b sa Pig. 5-14), pagkatapos pahilig na papuntang braso malapit sa kutab.

2. Iklip ang palabis sa braso na malapit sa kutab para maging pantay ang padron kung ipatong.

3. Iwasto ang balikat sa paggawa ng panibagong linyang pagtatahian mula leeg hanggang braso. Kung mayroong trungsal, magtupi muna ng trungsal bago gumuhit ng linya.

4. Ikalat ang linaslas para makuha ang gustong haba ng balikat.

Ang Pagpaikli ng Tahi sa Balikat

1. Mag-umpisa ng mga 2 pulgada (5 sm.) mula sa gilid ng braso sa may balikat, maglaslas sa harapan at likurang padron kahilera sa gitnang likod at gitnang harap (a hanggang b sa Pig. 5-15), pagkatapos pahilig papuntang braso malapit sa kutab.
2. Iklip ang palabis sa braso na malapit sa kutab para maging pantay ang padron kung ipatong.
3. Pagsanibin ang linaslas na gilid para makuha ang gustong haba ng balikat.
4. Iwasto ang balikat sa paggawa ng panibagong linyang pagtatahian mula leeg hanggang braso. Kung mayroong trungsal, magtupi muna ng trungsal bago gumuhit ng linya.

Pagbabago Sa Talibis ng Balikat sa Pamamagitan ng Pagbaba at Pagtaas ng Braso

Mahirap matiyak sa sukat ang tamang pagbabagong kinakailangan sa padron para sa talibis na balikat. Gumawa at maglapat sa katawang "Muslin" bago gumawa ng pangwakas na pagbabago sa padron at sa pagtatabas ng tela.

Ang Pagbabago Para sa Talibis na Balikat

Ang balikat ay dapat magkaroon ng higit na talibis kung may mga lukot sa mga balikat at leeg papuntang braso. Sa pagbabago nito, kinakailangan na ayusin muna ang dakong ibaba ng braso at pati na rin ang balikat para manatili ang tamang sukat sa braso.

1. Magsimula ng mga 1-1/2 hanggang 2 pulgada (3.8 hanggang 5 sm.) mula sa panlabas na gilid ng balikat, sa harapan at likuran mag-

laslas ng kahilera sa gitnang linya hanggang sa ibaba lamang ng braso (a hanggang b sa Pig. 5-16b).

2. Sa panukalang tumpak (right angle) tungo sa patayong linaslas, gumawa ng pileges mga kalahati sa ibabawas ng balikat sa itaas ng braso.

3. Iwasto ang balikatt sa paggawa ng panibagong pagtatahian mula leeg hanggang braso. Kung mayroong trugsal sa balikat, magtupi para sa trungsal bago gumuhit ng linya.

## Pagpapalaki sa Manggas

